

# DIWA

E - JOURNAL

TOMO 8, NOBYEMBRE 2022

Danielle P. Ochoa  
Teresita T. Rungduin  
Carl O. Dellomos  
*Mga Patnugot*

## Sampung Taon na ang Nakalilipas... Isang Naratibong Pagsusuri sa Danas at Alaala ng mga Marikeño sa Panahon ng Kalamidad Dulot ng Bagyong Ondoy (2009)

Axle Christien J. Tugano

*Unibersidad ng Pilipinas Los Baños*

### Abstrak

Layunin ng komemoratibong pag-aaral na ito, gamit ang isang naratibong pagsusuri, ang pagturol sa danas at alaala ng mga Marikeño sa panahon ng pananalasa at/o pagbahang idinulot ng Ondoy (*Ketsana*) noong 2009 at sa mga panahong pagkatapos nito. Habang sentro ng pag-aaral na ito ang apat na barangay ng lungsod o ang mga tinatawag na “tabing-ilog”—Nangka, Tumana, Malanday, at Concepcion Uno—gumamit ang pananaliksik ng dalawang pangunahing método, pakikipagpanayam at pakikipagkuwentuhan. Sa kinasapitan, nakapagluwal ang pananaliksik na ito ng dalawang pangunahing bahagi: una, mga naratibo ng danas at alaala sa panahon ng pananalasa ng Ondoy at ikalawa, pagsisiyasat sa mga sumunod na panahon. Sa kabuoan, nakapaglatag ang pag-aaral na ito ng pitong dalumat ukol sa kahulugan, kabuluhan, at konteksto ng Ondoy sa pananaw ng mga Marikeño: (1) delubyo, (2) kaparusahan, (3) kaligtasan, (4) pagtulong, (5) palatandaan, (6) takot, at (7) kasanayan.

Hatid ng pag-aaral na ito ang isang implikasyong magpapahalaga sa dalawang bagay—(1) *Araling at Kasaysayang Pangkapaligiran* o isang subdisiplinang kakanlong sa pag-aaral ng kasaklawan ng kalikasan at kapaligirang Pilipino at (2) *Kasaysayang Pampook* o pagsasalaysay ng kasaysayan ukol sa isang partikular na pook. Samakatwid, ang kabuoang implikasyon ay magbibigay-linaw at ambag sa saysay ng Ondoy bílang bahagi ng kalikasan at kapaligirang Marikeño sa unang banda at ang saysay ng Marikina bílang pook sa kabilang banda.

Mga susing salita: Ondoy, Marikina, pagbaha, karanasan, alaala

### Abstract

Using a narrative analysis, this commemorative study seeks to portray Marikeños’ experiences and memories both before and after Typhoon Ondoy (*Ketsana*) struck them in 2009. Using interview and story-sharing techniques, this study focuses on four barangays in the city known as the riverbank district (*tabing-ilog*): Nangka, Tumana, Malanday, and Concepcion Uno. There are two primary sections to the study. First, the account of the Ondoy strike’s experience and recollection. However, the analysis of its aftereffects is the main focus of the latter section. In summary, this research has shown seven ideas on the meaning, importance, and context of Ondoy from the viewpoint of Marikeños: (1) deluge; (2) punishment; (3) salvation; (4) aiding; (5) signs; (6) dread; and (7) experience.

This research has two implications: (1) for Environmental Studies and History, a subfield that will concentrate on the environment and natural resources of the Philippines; and (2) for Local History, a historical account of a particular community. Therefore, this study aims to clarify the importance of Ondoy in relation to the ecology and character of Marikeño, as well as the significance of Marikina.

Keywords: Ondoy, Marikina, flood, experiences, memory

## INTRODUKSIYON

Isang malawak at malalim na konsepto ang kalamidad na likás na subhektibo at kontekstuwal batay sa tumitingin dito (Gaillard, 2022). May kasalimuotan sapagkat ang karaniwang konsepto, teorya, at metodolohiya ukol sa pag-aaral ng kalamidad ay ganap na nakabatay at/o ibinatay sa Kanluran (Gaillard, 2022). Gayumpaman, sa pagtaas at pagtatampok ng mga tagapangunang iskolar at mananaliksik sa Pilipinas, may mga tinatawag tayong sistematiko at siyentipikong proseso ng pagsasakatutubo na inaangkin natin ang Kanluraning konsepto upang lumapat sa sariling lipunan.<sup>1</sup>

Ganito ang ginawang hakbang ng mga kasalukuyang mananaliksik at agham-tao sa Pilipinas. Lagpas na at/o lumabas na halimbawa kina Zeus Salazar, Prospero Covar, at Virgilio Enriquez, ang tatlong muhon ng Pilipinisasyon (Rodriguez-Tatel, 2015), ang impluwensiyang kanilang ipinunla sa mga tagasunod. Partikular sa tinutungtungan ng may-akda ang *Bagong Kasaysayan* ng Pantayong Pananaw, naiangkat, naipunla, naisakatutubo, at inangkin na rin ang pag-aaral sa kapaligirang Pilipino. Naging magkaiba na kung gayon ang mga konseptong *loob* at *labas* ngunit hindi lámang ito simpleng transliterasyon ngunit kumakalas din ito sa tindig at naglalayon ng maka-Pilipinong pagpapakahulugan at pagpapahalaga. Halimbawa, hindi lámang simpleng salin ng *nature* ang “kalikásan” o *environment* ang “kapaligiran” sapagkat para kay Navarro (2008), “ito ay mga bagay (katutubo, likás, o taal sa daigdig) o di kaya’y mga katangiang heolohiko at heograpiko na sumasaklaw sa mga likás na yaman o topograpiya, klima, at maging mga halaman at hayop (p. 3).” Gayundin, kontra-diskurso ng *Environmental Studies*, *Nature Studies*, *Disaster Studies*, at mga kaugnay ang pinamamayaning *Araling Pangkapaligiran* na kung tutuosin ay subdisiplinang maaaring kumanlong sa pagsasakatutubo at pag-aangkin sa mga nasabing disiplina. Ang *Araling Pangkapaligiran* ay “tumutuon sa masalimuot na ugnayan ng tao at kapaligiran, likás man o di-likás na malayang gumagamit ng pamamaraan at pananaw batay sa kinabibilangang disiplina (Orillos-Juan, 2016, pp. 4–5).”

Bagama’t litaw ang kasalimuotan sa ontolohikong pagtingin sa kahulugan ng kalamidad sapagkat sa mahabang panahon, ayon kay Kumar (1997), “*the term natural calamity is used interchangeably with disaster* (p. 57),” nabigyan naman ito kahit paano ng mga Pilipino ng isang kahulugan at pag-uugnay (at pag-iisa). Ayon sa batayang depinisyon ni Almario (2010), tumutukoy ang kalamidad sa “malubhang kapahamakan, gaya ng bagyo, lindol, pagsabog ng bulkan, o sunog” at ang disaster bílang “malubhang sakuna o kapahamakang nangyari sa isang pook sanhi ng kalamidad (pp. 210, 406).”

Layunin ng pag-aaral na ito ang posisyonal na paghuhugpong ng *Araling at Kasaysayang Pangkapaligiran* at *Kasaysayang Pampook* habang sinisiyasat ang kahulugan at kabuluhan nito sa diwa at lipunang Marikeño—partikular na sa kalamidad at/o disaster na idinulot ng bagyong Ondoy noong 2009. Layunin ding makapag-ambag ng isang pag-aaral na eksklusibong ilalagak sa sisidlan ng kaalaman ukol sa Marikina at mga Marikeño. At dahil ang tuon ng *Araling at Kasaysayang Pangkapaligiran* at *Kasaysayang Pampook* ay “pagsasalaysay nang may saysay” ng mga karanasan ng taumbayan, higit na pinahahalagahan sa pag-aaral na ito ang naratibo ng mga Marikeñong tangan ang gunitang iniwan ng Ondoy hanggang sa kasalukuyan.

### **Pag-aaral sa mga Kalamidad at/o Disaster ng Lipunang Pilipino**

Hindi mapasusubaliang marami-rami na rin ang ilang pag-aaral ukol sa kalamidad at/o disaster na itinuon ang Pilipinas bílang kapookan. At dahil ang may-akda ay nagmula sa disiplina ng Kasaysayan, ito ang kagyat na mailalahad. Sa pagsasarbey, may ilang pag-aaral ang tumuon na para sa may-akda ay mga halimbawa ng *Environmental History* at *Environmental Studies* dahil ito ay naisusulat sa wikang

## **Sampung Taon na ang Nakalilipas...Isang Naratibong Pagsusuri sa Danas at Alaala ng mga Marikeño sa Panahon ng Kalamidad Dulot ng Bagyong Ondoy (2009)**

Ingles. May mga pag-aaral ang tumuon sa kasaysayan ng mga nagdaang bagyo at lagay ng panahon (Alvarez, 2016a; Saguin, 2016; Warren, 2016); mga mapaminsalang lindol (Gealogo, 2016; Egaña, 2017; Alvarez, 2020; Alvarez, 2023); mga pagbaha (Pante, 2016); Almario & Palattao, 2015; Barretto-Tesoro & Hernandez, 2017); pagputok ng mga aktibong bulkan (Rodolfo, 1995; Aguilar, 2016; Delos Reyes *et al.*, 2018); mga pagguho ng lupa o *landslide* (Evans *et al.*, 2007); mga mapaminsalang sunog (Bankoff, 2012; Madrid, 2012); at kalauna'y nagkaroon na rin ng pagpapahalaga sa *disaster risk reduction and management* (Llanes, 2018).

Sa kabilâng banda, kung gagamitin at aangkinin ang kahulugan at sakop ng *Kasaysayang Pangkapaligiran* at *Araling Pangkapaligiran* (Orillos-Juan, 2016), makapaglalatag na ilang pag-aaral ang tumuon sa kapaligiran at kalamidad at/o disaster. Maagang lumitaw sa wikang Filipino ang mga pag-aaral sa kalamidad at disaster na posibleng bunsod ng mapaminsalang pagputok ng Bulkang Pinatubo noong 1991. Bagama't karamihan dito ay antropolohiko (Abaya, 1991; Estacio, 1996), higit na napagtuonan ng pansin ang konsepto ng pagbangon o *resiliency* (Bautista, 1991; Francisco & Francisco, 1991; Botor *et al.*, 2018).

Sa diwa ng *Kasaysayang Pangkapaligiran* at *Araling Pangkapaligiran*, nagluwal ito ng ilang mahahalagang pag-aaral, na bagaman nanatiling historikal ang tindig, tumawid na rin ito sa iba pang disiplina. Ilan sa mga ito ay tumuon muna sa kahalagahan ng kagubatan at kalupaan (De Leon-Bolinao, 2015; Orillos-Juan, 2012a) at sa pamumukxa ng mga peste (Orillos-Juan, 2006; Orillos-Juan, 2017). Kalaunan, natalakay na sa mga historikal na pag-aaral ang *disaster diplomacy* sa pangkabuoan (Orillos-Juan, 2012b) at may partikularidad sa mga bagyo at mga kaugnay na kalamidad (Abejo, 2015; Alvarez, 2015; Alvarez, 2016b; Candelaria, 2016) at sa mga disaster at kalamidad na nakaapekto sa yamang-tubig (De Leon-Bolinao & Ambrosio, 2016; Dagli, 2016) at yamang-lupa (Villapa, 2016).

### **Naratibong Pangkalamidad tungo sa Pag-unawa ng mga Danas at Alaala**

Sa kabila ng dumaraming pag-aaral ukol sa kasaysayan ng mga kalamidad at disaster, isa sa mga naisasantabi pa rin ay ang mga paksang tumuon sa danas—karanasan at alaala—gunita ng mga ordinaryong mamamayan. Sa Pilipinas, tunay na masalimuot ang dalumat at ugnayan ng *social memory* sa pag-aaral ng mga disaster (Candelaria, 2016). Kahit na sabihing transdisiplinaryo o multidisiplinaryo ang nagiging lapit, madalas itong tinitingnang magkahiwalay na paksa. Kaya't nagbunga ito sa paglitaw ng iba't ibang katawagan para tumbukin ang kamalayan ng indibidwal sa isang kalamidad at/o disaster—alaalang panlipunan (*social memory*), kolektibong alaala (*collective memory*), alaalang kultural (*cultural memory*), alaalang historikal (*historical memory*), at kamulang historikal (*historical consciousness*) (Candelaria, 2016), nanatiling kakaunti pa rin ang mga babasahin tungkol sa karanasan ng mga Pilipino sa disaster.

Mahalaga ang mga naratibo sa pagtalunton ng historikal, sikolohikal, sosyolohikal, at kultural na katangian ng mga kalamidad at/o disaster ng isang lipunan. Madalas itong ginagamit sa mga disiplina ng agham panlipunan bílang alternatibong lápit sa mga kaalamang hindi káyang maabot ng mga nakasulat na dokumento na karaniwang tendensiya ng mga positibistang mananaliksik. Sa disiplina ng kasaysayan, nakatutulong ang naratibo sapagkat nagiging ahente ito ng tuwirang representasyon ng mga naisasantabing sektor (Dray 1971; White, 1984) at nagiging sandigan ng mga susunod na pag-aaral (Mandelbaum, 1967).

Kinapapalooban din ang naratibo ng mga sikolohikal at sosyolohikal na kaalaman dahil nailalarawan ng mga kalahok ang empirikal na katangian ng kanilang karanasan (Franzosi, 1998; Frank, 2002; Isik, 2015) na hindi kadalasang napapansin dahil bihira ang nagbibigay ng tuon dito (Andrews *et al.*, 2009).

Isa sa mga halimbawa ng mga naratibo ay ang naratibong pangkalamidad (*disaster narrative*) na bagaman unang lumitaw sa mga diskursong pangkalamidad noong dantaon 19 ngunit ipinakita lámang sa porma ng sining, entablado, at drama (Daly, 2011) at hindi pa gaano sa mga sulatin. Kung naisusulat man, ang mga naratibong ito ay pawang kumiling at napapalamutian ng mga aspektong moral (Rozario, 2005; Kargillis et al., 2014; Dranseika, 2016) at politikal (Landis, 1999; Albrecht, 2022; Coates, 2022; Davis, 2022) na karanasan ng taumbayan sa panahon ng kalamidad at/o disaster. Mababakas naman sa ilang naratibong pangkalamidad ang pagkakaangkla nito sa sikolohikal na lápit, partikular sa anyo ng mga alaala (Chrisman & Dougherty, 2014; Convery et al., 2014; Samuels, 2016; Otero-Auristondo, 2017).

### **Naratibong Pangkalamidad ukol sa mga Pagbaha**

Hindi na bago sa banyagang pagsusulat ng mga naratibo ang pagtalakay sa kalamidad at/o disaster dulot ng mga pagbaha. Sa inilabas na *countries with the highest flood risk* noong 2022, 13 sa 25 bansa ay mula sa rehiyon ng Asya-Pasipiko. Ika-16 sa ranggo ang Pilipinas (Conte, 2022). Kung papansinin, karamihan sa mga bahaing lugar ay malapit at/o napapalibutan ng ilog at/o delta, lambak, at mabababa. Hindi nakapagtataka, kung gayon, na ang pangunahing lumilitaw na paksa ukol sa naratibong pangkalamidad dulot ng pagbaha ay nakasentro sa mga nasabing lugar. Sa kabila ito ng halos dominasyon ng mga pag-aaral sa naratibong pangkalamidad ukol sa mga pagbaha ngunit nakatuon sa paradigma ng midya (Adekola & Lamod, 2018; Acharya & Prakash, 2019; Solman & Henderson, 2019; Sharp & Carter, 2020).

Gayumpaman, sa labas ng Asya-Pasipiko, maituturo ang isa sa mga pinakamaagang akdang lumitaw ukol sa naratibong pangkalamidad. Sa anyo ng naratibong biyograpiko (Howard, 1984), nailahad ang karanasan ng mga mamamayang binabaha malapit sa Ilog Mississippi. Maituturo naman kina Douglas et al. (2008) ang tipolohikong pag-uuri sa mga baha—*localized flooding, small streams, coastal flooding, at major rivers*. Sa mga pag-aaral na ito, ang naratibong pangkalamidad ukol sa mga pagbaha ay nakabatay sa intensidad at/o uri ng bahang kinasapitan. Mula sa nasabing pagsasaray ng mga baha (Douglas, et al., 2008), naunawaan ang naratibong pangkalamidad ukol sa mga pagbaha na nagtampok sa iba't ibang rehiyon sa Asya. Sa Gitnang Silangan (Pirak et al., 2021), partikular na sa Poledokhtar sa Lorestan, Iran—tiningnan ng pag-aaral na ang pagbaha ay isang konseptong konstruktibismo—interpretatibo. Lumabas sa kanilang mga naratibo na ang kinasapitang pagbaha ay dulot ng teknokratikong kapabayaang sa unang banda, at bilang “banal na parusa” at kabayaran sa kasalanan sa Diyos, sa kabilang banda (Pirak et al., 2021). Sa Silangang Asya (Wong & Zhao, 2011), kinilala ang pinakamapaminsalang baha sa kasaysayan ng mundo—ang pagbaha noong 1994 sa Beijing, Guangdong, China. Bagama't gumamit ng kantitatibong anyo ng pananaliksik, nagamit sa pag-aaral ang kahalagahan ng mga naratibo.

Madalas na itinatampok sa mga usaping pagbaha ang Timog Asya (Shaw, 1989; Mishra, 2001; Paul, 2003; Mulvany, 2011; Banerji, 2020). Katulad ng metodong ginawa nina Wong at Zhao, (2001), tinumbok ni Shaw (1989) ang naratibo ng mga mamamayang Bangladeshi na sinalanta ng mga pagbahang mula sa mga ilog ng Brahmaputra, Ganges, at Meghna. Ang ganitong pagtingin ni Shaw (1989) sa pagbaha ay makikita rin sa pag-aaral ni Mishra (2001) ukol naman sa India. Higit na tumuon ang disertasyon ni Mulvany (2011) sa naratibo ng mga opisyal at manggagawang NGO hinggil sa naganap na pagbaha sa Union Territory of Pondicherry, India dulot ng 2004 Tsunami. Inatupag naman ni Banerji (2020) ang pananaliksik sa danas at naratibo ng mga mamamayang sinalanta ng pagbaha noong 2008 sa Lower Subarnarekha, India. Isiniwalat ng mga naratibong ito ang paghihirap ng mga taga-Subarnarekha tuwing sasapit ang pagbaha yamang umaasa lámang sila sa kabuhayang dulot ng agrikultura at pangngisda (Banerji, 2020).

## Sampung Taon na ang Nakalilipas...Isang Naratibong Pagsusuri sa Danas at Alaala ng mga Marikeño sa Panahon ng Kalamidad Dulot ng Bagyong Ondoy (2009)

Mula sa mga nabanggit na babasahin mula sa ibayong dagat, magiging gabay na ito upang siyasatin ang mga kaugnayan nito sa pagbahang naganap sa Pilipinas na ang tuon ay ang pagbahang idinulot ng bagyong Ondoy sa Pilipinas.

### Pag-aaral ukol sa Ondoy

Pangunahing lumilitaw ang Ondoy sa sala-salabat na tema at gayundin, ukol sa iba't ibang pook. Karamihan sa mga ito ay pumaksa sa danas ng sambayanan sa lalawigan ng Rizal (Luna, 2011; Seng, 2014) at Laguna (OGB, 2011). Siyempre pa'y kadalasang tumuon sa naging tugon ng pamahalaan partikular sa *disaster relief operations* (Tajo-Firmase et al., 2011), at polisiyang institusyonal at/o likas-kayang pag-unlad (*sustainable development*) (Miranda, 2012; Jumaquio-Ardales, 2019)—na halos tema na rin ng ilang pag-aaral o *feasibility study* ukol sa Ondoy (Sato & Nakasu, 2011; Kim et al., 2022). Rizal at Laguna rin ang naging sentro ng iba pang pag-aaral (Café, 2010; Ballano, 2022) na may kinalaman sa korelasyon ng pananampalataya at Ondoy. Lumabas kay Café (2010) ang pagpapakahulugan ng isang samahang Rizalista na *Sagrada Familia* ng Laguna sa Ondoy bílang sakuna, trahedya, bakweytan, tulong, at paghahandang espiritwal. Samantalang tumuon si Ballano (2022) sa *faith narratives* ng mga apektadong residente ng Rizal.

Habang pinaksa ng ilang pag-aaral ang sikolohiya at vulnerabilidad ng taumbayan ukol sa Ondoy o pagpapahapyaw ukol sa Ondoy (Flores & Amene, 2015; See & Porio, 2015; Go-Monilla et al., 2017), itinampok naman ng ilang pag-aaral ang danas ng mamamayan sa iba pang mga plataporma. Katulad ng obserbasyon sa Ulysses (De Leon-Bolinao, 2022), sinuri ng ibang pananaliksik (Dimaculangan, 2012; Tanseco, 2012; Gabriel, 2013) ang gampanin ng midya at komunikasyon sa pagsisiwalat ng danas ng mga sinalanta ng Ondoy. Naiiba naman ang tindig ni Bolata (2019). Bagaman isa lámang ang Ondoy sa kaniyang nabanggit at tinalakay gamit ang verbal-biswal, naipaliwanag at nasuri ang ilang *picture book* (o akdang pambata) upang matukoy ang dalumat ng vulnerabilidad at *resiliency* ng kabataang nagdusa sa panahon ng mga pagbaha.

May mga pag-aaral na lumitaw na eksklusibong pumaksa sa kapookan ng Marikina. Gayumpaman, karamihan dito ay tumuon sa disiplina ng idrolohiya at inhenyeriya (Abon et al., 2011; Santillan et al., 2013), usapin at/o pagpaplanong pangkaunlaran (Romulo, 2012; Balquiedra, 2014), at lapit-ekonomiko (Tuaño et al., 2018). Samakatwid, ang mga nabanggit ay batbat ng teknikalidad at paradigmang bahagyang lumihis sa aktuwal na naratibo ng mga Marikeño.

Kaugnay ng pag-aaral nina Tuaño et al. (2018) ang paglalahad ng naratibo (IPC, 2010; IPC, 2012) ukol sa kalagayan ng mga Marikeñong nawalan ng kabuhayan, ngunit maliit na bahagi lámang dito ang tungkol sa Marikina. Kung espesipikong tinalakay ni Romulo (2012) ang Barangay Tumana, tumuon naman sa Ateneoville Subdivision, Barangay Nangka ang pag-aaral nina Adviento at De Guzman (2010). *Gender mainstreaming* ang naging tuon ni Romulo (2012) kung paano tumugon ang kababaihang Marikeño sa pangunahing pangangailangan sa panahon ng pananalasa ng Ondoy. Samakatwid, polisiya ang lapit nito—samantalang sina Adviento at De Guzman (2010) ay gumamit ng *positive psychology* upang madukal ang kinahinatnang karanasan. Sa kabuoan, nakapagtala sila ng sampung katangian ng positibong karanasan ng mga Marikeño—pakikibagay sa kalikasan, malasakit, bayanihan, tiwala, pagtitiis, pagkamasayahin at palabiro, lakas ng loob at tapang sa gitna ng takot, pagkamaparaan, pasasalamat, at pananalig sa Diyos (Adviento & De Guzman, 2010).

Kawangis din nito ang pag-aaral nina Baticula et al. (2014) na gumamit ng *interpretative phenomenological analysis* upang malaman ang pagpapakahalugan sa Ondoy ng kabataang nagdusa sa panahon ng pagbaha—i.e., ang Ondoy bílang trahedya, hindi pangkaraniwang karanasan, at nagpapabago ng búhay. Ito rin ang kinasapitan ng naunang pag-aaral ng may-akda (Tugano 2022a)—

ukol sa panimulang pagsusuri sa mga naratibo ng mga Marikeñong binaha sa tatlong barangay—ang Tumana, Malanday, at Nangka. Lumabas dito ang tematikong paglalarawan sa karanasan ng mga biktima ukol sa *trauma*, *grievance*, at *resiliency* sa panahon ng Ondoy. Ang mga akdang nabanggit (Adviento & De Guzman, 2010; Baticula et al., 2014; Tugano, 2022a) ay tumapat at nag-ambag pa sa ilang pag-aaral (Uyangaren & Claudio, w.tn; Or, 2010; OGB, 2011; Cleto, 2017) na tumuon naman sa naratibo ng mga mamamayan sa panahon ng at/o pagkatapos ng Ondoy.

### **Katuturan ng Kasalukuyang Pananaliksik**

Ang kasalukuyang pananaliksik ay sumasayapak sa tambalang-lapit ng *Bagong Kasaysayan* partikular na sa halagahin ng *Araling at Kasaysayang Pangkapaligiran* (Orillos-Juan, 2016) at *Kasaysayang Pampook* (Navarro, 2012) ng Marikina. Pagpapatuloy ito ng mga naunang pag-aaral ng may-akda ukol sa Marikina (Tugano, 2019; Tugano, 2020; Tugano, 2021; Santos & Tugano, 2022). Bukod sa komemoratibo ang pananaliksik, naiiba ito sa ibang pag-aaral ukol sa Marikina at Ondoy na pawang umiikot sa teknikalidad at kritikal na pagsasakontekstong lapat sa ibang disiplina ng agham. Higit na pinahahalagahan dito ang mga natatanging naratibong pangkalamidad ng mga Marikeño hinggil sa kanilang karanasan at alaala sa Ondoy. Bagaman ang kinasapitan ay tematikong paglalahad ng samot-saring pagtingin at/o pagpapakahulugan ng mga Marikeño sa Ondoy, na katulad ng ginawa ng ibang pag-aaral (Adviento & De Guzman, 2010; Café, 2010), hatid din ng kasalukuyang pananaliksik ang pagtuklas ng karagdagang kahulugan ng taumbayan sa Ondoy. Pinagtuonan nina Adviento & De Guzman (2010) ang pagtingin sa mga naratibo gamit ang lente ng *positive psychology* at samakatwid, pawang positibong katangian ng mga sinalanta ang lumabas sa pag-aaral—pakikibagay sa kalikasan, malasakit, bayanihan, tiwala, pagtitiis, pagkamasayahin at palabiro, lakas ng loob at tapang sa gitna ng takot, pagkamaparaan, pasasalamat, at pananalig sa Diyos. Bagaman may positibong katangian din ng Ondoy ang lumabas sa pag-aaral ng may-akda (tingnan ang kinasapitan), isinawalat pa rin nito ang negatibong implikasyon para sa mga mamamayang Marikeño. Samantala, sa pag-aaral ni Café (2010), higit na institusyonal ang pagpapakahulugan sa Ondoy dahil mula ito sa mga kasapi ng grupong Rizalista (Sagrada Familia) ng Ronggot, Calamba, Laguna—sakuna, trahedyang, bakweyt o bakweytan, tulong, at paghahandang espirital. At dahil ukol ito sa isang samahan, may tendensiyang maging ideolohikal at espirital ang pagpapakahulugan ng mga kasapi hinggil sa Ondoy bagaman higit itong sektoral—tumuon sa naratibo ng iba't ibang kasapi ng sambayanang Marikeño—samot-saring uri, kasarian, at gulang.


Ang nasabing pagtuklas ng pag-aaral na ito sa karagdagang kahulugan ay magiging makabuluhan sa pagharap ng hámon ng bawat Marikeño sa mga darating pang bagyo at pagbaha. Gayundin, hindi katulad ng ilang naratibong pag-aaral ukol sa bisinidad ng Marikina, sinaklaw ng papel na ito ang apat na barangay—Concepcion Uno, Tumana, Malanday, at Nangka.

Orihinal at matagal nang isinagawa ang pag-aaral na ito noong 2019 bílang komemorasyong paggunita sa isang dekadang pananalanta ng bagyong Ondoy sa lungsod ng Marikina noong 2009. Naudlot ang pananaliksik dahil halinhinang tumama sa lipunang Marikeño noong 2020 ang COVID-19 at bagyong Ulysses (Vamco) na tinawag na “Ikalawang Ondoy” (Cabalza et al., 2020). Isinulat ito upang ambagan ang disiplinang tumutuon sa mga kalamidad at/o disaster na magpahanggang ngayon ay niresolba pa rin—kapwa epistemolohiko at pragmatikong pananaw ukol dito.

At dahil isa ang Kasaysayang Pampook sa benepisyaryo at inaambagan ng pag-aaral na ito, tatalakayin muna ang maikling pagsasakasaysayan ng Marikina, Ilog Marikina, at mga pagbaha na naganap sa kasaysayan ng Marikina.

## Sampung Taon na ang Nakalilipas...Isang Naratibong Pagsusuri sa Danas at Alaala ng mga Marikeño sa Panahon ng Kalamidad Dulot ng Bagyong Ondoy (2009)

Figura 1. Sistema ng Ilog ng Pasig-Marikina River Basin (Badilla, 2008)



### Kasaysayan ng Pagbaha sa Marikina (Dantaon 16 hanggang 2022)

Binabaha na ang Marikina noon pa man. Sa heograpikong kinalalagyan nito bílang isang lambak, napagigitnaan ito ng mataas na lugar ng Diliman at talampas ng Antipolo (Punongbayan et al., 1998). Ayon sa *Letter on the Filipinos* (1720) ni Gaspar de San Agustin, dinarayo ang Marikina bílang bakasyonan o paliguan ng mga Español tuwing tag-init. Batay sa deskripsiyon, posibleng ito ang Ilog Marikina sa kasalukuyan lalo pa't ayon kay Manuel Buzeta (1851) sa kaniyang *Diccionario Geografico, Estadistico, Historico, de las Islas Filipinas*, ang tubig na dumadaloy sa Chorillo ay kinikilala sa buong Kamaynilaan dahil sa malinaw at wala itong lasa o amoy (*un agua cristalina y saludable*) (Buzeta, 1851 binanggit nina Petras, 2007 & Zialcita, 2019). Sa pampang mismo ng Ilog Marikina unang itinayo ng mga Heswita ang *visita* dahil dito nakita ang aparisyon ng mukha ni Hesus kaya't tinawag ang lugar sa kasalukuyan bílang Jesus dela Peña (Jesus ng Bato) (Cuneta, 1997). Kinalaunan, inabandona ang visita dahil binaha ang lugar kaya't ginawa na lámang itong triguhan at kamalig. Mula sa pagiging visita, nailipat at naipatayo ang Simbahan ng San Roque o Nuestra Señora de los Desamparados noong 1572 kaya't naitatag ang matatandang pamayanan ng Barangka, Tañong, at Jesus dela Peña (Tugano, 2020). Binabaha rin ang kalapit-bayan ng Marikina—ang Pasig, na dinadaluyan din ng Ilog Marikina.<sup>2</sup>

Mailap hanapin ang mga talâ ukol sa mga nagdaang pagbaha sa Marikina, kung kaya't mahirap din itong mailagay sa isang kronolohikal at/o peryodisyong pangkasaysayan. Ngunit ayon sa talâ, noong 1929, nasira ang Wawa Dam at naging dahilan ito ng pag-agos ng malaking volyum ng tubig sa Ilog Marikina. Kapwa naapektuhan ang mga residente ng Marikina at San Jose, Montalban. Muling nagkaroon ng pagbaha sa mga bayang nabanggit noong 1934, kaya't muli silang lumikas sa ibang mga bayan (IPC, 2010).



Batay sa kasaysayang pasalita, dekada 80 pa nang narinig ng may-akda mula sa kaniyang lola na umabot na sa 10 talampakan ang baha sa Marikina. Ito ang dahilan kaya dinagdagan ng ikalawang palapag ang kanilang bahay. Marahil, ang bagyong tinutukoy ng lola ay ang Super Typhoon Unsang (Ruby) na sumalanta sa Pilipinas noong Oktubre 1988. Nagtataglay ng hangin na 230 kph, kumitil iyon ng 300 búhay at 470,000 ang nawalan ng tirahan (USNOCC, 1988). Ayon kay Bankoff (2003), nagdulot ng mapaminsalang baha sa Marikina River Basin ang Unsang.

Sa kamalayan ng may-akda noong 2009, Ondoy ang unang nakitang mapaminsalang bagyo na halos magpalubog sa dalawang palapag nilang bahay na ipinatayo noong 1990. Nasa ikatlong taon siya noon sa hay-iskul. Ayon sa talâ, ang bagyong iyon ay unang namataan bilang isang *Low Pressure Area* sa silangan ng Luzon noong 2009 Setyembre at nabuo bilang isang *tropical depression* na kalauna'y naging bagyong Ondoy (Ketsana). Dalawang araw matapos nito, lumapag sa kalupaan ang bagyo at tumawid hanggang Zambales (Central Luzon) nang halos kalahating araw na dala ang hangin na may bilis na 105 kph (NDCC, 2009). Nagbuhos ito ng 455 mm na tubig sa loob ng dalawampu't apat na oras (Sato & Nakasu, 2011; Servallos, 2021). Sa kabuoan, 993,227 pamilya ang apektado ng pinsalang hatid ng Ondoy—464 ang nasawi, 529 sugatan, at 37 ang nawawala (NDCC, 2011). Sa Marikina, 15,631 ang pinalubog nitong kabahayan (NDCC, 2011). Tinatayang 85 porsiyento ng kalupaan ng Marikina ang binaha. Bagaman isang residensiyal na lugar ang Marikina, halos dalawang buwan bago nakabangon muli ang industriya at hanapbuhay sa lungsod (Tuaño et al., 2018).

Katulad ng mga nagdaang bagyo sa Pilipinas, ang pagbahang iyon sa Marikina ay isang *epiphenomenal disaster* o sekundaryang disaster na pinalakas ng bagyo. Bukod sa baha, nagdala rin iyon ng ilang pagguho ng lupa lalo na sa kabundukan ng Rizal. Dahil sa pinsalang idinulot ng disaster na iyon, isinabatas ang Republic Act No. 10121 o *Philippine Disaster Risk Reduction and Management* noong 2010 (Enano & Reysio-Cruz, 2019).

Matapos ang Ondoy, dalawang bagyo noong 2011 ang nagdala sa Ilog Marikina sa kritikal na level—ang *Falcon* (Meari) (Yap, 2011) noong Hunyo at Pedring (Nesat) (Boncocan, 2011) noong Setyembre. Dalawang barangay at 162 pamilya sa Marikina ang naapektuhan ng Falcon (NDRRMC, 2011a) samantalang 12 barangay at 4,643 naman noong Pedring (NDRRMC, 2011b). Samantala, noong 6 hanggang 7 Agosto 2012, nagbuhos ng 687 mm ulan ang Southwest Monsoon (Habagat) na maihalintulad sa volyum ng tubig na ibinuhos ng Ondoy. Kakatapos lámang iyon ng pananalasa ng bagyong Gener (Saola) at pinatindi pa ng bagyong Haikui na nanalasa sa hilaga-silangang bahagi ng Taiwan (NDRRMC, 2012). Iyon ang pangalawang bahang nasaksihan ng may-akda sa Marikina. Naapektuhan ang 11 barangay at 6,433 na pamilyang Marikeño (NDRRMC, 2012).

Panahon pa ng COVID-19, muling naranasan ng mga Marikeño ang bahang idinulot ng bagyong Ulysses (Vamco) noong 2020 Nobyembre. Nagdala iyon ng hanging may bilis na 215 kph. Ayon sa pagtatáya, halos kasindami iyon ng ulang ibinagsak ng Ondoy noong 2009 (Servallos, 2021). Sa Marikina, naapektuhang muli ang 16 na barangay at 4,672 pamilya (NDRRMC, 2020).

## METODO

Sumasandig ang kabuoang metodo ng pag-aaral na ito sa tinuran ni Tracy (2010) na “Walong Big-Tent” na katangian ng isang mahusay na kalitatibong pananaliksik. Mula sa pagiging “*worthy topic*” hanggang sa katangiang “*rich rigor, sincerity, credibility, resonance, significant contribution, ethical, at meaningful coherence* (pp. 840—48)” ng mga pag-aaral, ito ang nilalaman ng detalyadong pagpapaliwanag sa metodo—paglalahad ukol sa mga kalahok; pangangalap ng datos; pagsusuri ng datos; at etika ng pananaliksik.

## Sampung Taon na ang Nakalilipas... Isang Naratibong Pagsusuri sa Danas at Alaala ng mga Marikeño sa Panahon ng Kalamidad Dulot ng Bagyong Ondoy (2009)

### Kalahok at Pagpili ng Sampol

Nagkaroon ng walong (8) kalahok (Hanayan 1) ang pag-aaral na ito na sumailalim sa kapwa metodo ng *semi-structured interview* at pakikipagkuwentuhan. Gayundin, lahat ng mga kalahok ay mula sa apat na nabanggit na barangay sa Marikina. Lima (5) sa kanila ay mga babae samantalang (3) naman ay mga lalaki. Sa kabuoan, 40 taong gulang ang pinakabata at 52 naman ang pinakamatanda. Ang naging batayan ay kinakailangang (1) nakatira at nasa Marikina nang maganap ang pagbaha dulot ng Ondoy noong 2009; (2) nasa hustong gulang nang maganap ang pagbaha—samakatwid, magiging substansiyal ang sagot ng mga kalahok kung sila ay nasa wastong gulang na noong 2009 (hindi sanggol o 17 gulang pababa nang maganap ang Ondoy); at (3) nakatira pa rin alinman sa apat na barangay nang isagawa ang pananaliksik noong 2019. Apat sa kanila ang dumaan sa semi-structured interview, ang bawat isa ay pinaglaanan ng 45—50 minuto o halos isang oras na tagal ng panayam—na umiikot sa mga katanungang may kinalaman sa personal na búhay; mga kinasapitang karanasan at suliranin nang maganap ang baha; at mga kuwento ng kanilang búhay ilang taon pagkatapos ng Ondoy (Appendix 1). At dahil semi-structured interview ang namagitan o mayroong nakahandang *pre-determined* na mga katanungan, nagkaroon pa rin ng mga pagsasanga-sangang tanong batay sa isinasagot ng mga kalahok. Samakatwid, nabigyan ang mga kalahok ng malayang pagkakataon upang ilahad ang kanilang mga karanasan mula sa mga ipinunlang tanong at paksa. Samantala, apat din ang sumailalim sa pakikipagkuwentuhan. Gayumpaman, hindi nabilang ang tagal ng prosesong ito dulot ng pagiging malaya at di-estrukturado ng metodong ito. Walang pinagkaiba ang katangian ng mga kalahok sa pakikipagkuwentuhan dahil—katulad ng mga kalahok sa panayam—naging batayan din ang tatlong katangian o kalipikasyong nabanggit sa itaas.

Hanayan 1. Mga Kalahok ng Pag-aaral

Porma	Pangalan (alyas)	Edad	Tirahan	Petsa
Panayam	Manang Nene	45 taóng gulang	Barangay Tumana	23 Marso 2019
	Manang Helen	46 taóng gulang	Barangay Malanday	23 Marso 2019
	Manang Tessa	45 taóng gulang	Barangay Nangka	23 Marso 2019
	Manong Cesar	44 taóng gulang	Barangay Nangka	23 Marso 2019
Pakikipagkuwentuhan	Manang Zenaida	52 taóng gulang	Barangay Concepcion Uno	10 Hunyo 2019
	Manong Rudy	47 taóng gulang	Barangay Nangka	25 Marso 2019
	Manang Lourdes	40 taóng gulang	Barangay Concepcion Uno	10 Hunyo 2019
	Manong Buboy	51 taóng gulang	Barangay Malanday	26 Marso 2019

Ang kahalagahan ng dalawang metodong ito ay matatalakay sa susunod na bahagi.

### Pangangalap ng Datos at Recruitment

Ang pag-iimbata sa mga kalahok ng pag-aaral—sa dalawang metodo—ay dulot ng ilang tulong at rekomendasyon ng mga *gatekeeper*. Gumamit ang pag-aaral na ito ng dalawang paraan ng pangangalap ng datos:

Una, ang semi-structured interview. Nagkaroon ng mga apat na *key informant*—isa sa Barangay Tumana, isa sa Barangay Malanday, at dalawa sa Barangay Nangka na naganap noong 23 Marso 2019. Suma total, tumagal ng apat na oras ang panayam. Pinangasiwaan ng mag-aaral ng may-akda sa Pamantasan ng Lungsod ng Marikina (PLMar) ang paghahanap sa mga potensiyal na kalahok kaya't mahalaga ang kanilang naging papel sa pananaliksik bílang mga *gatekeeper* (Bogdan & Taylor, 1975; Neuman, 2004; Lavrakas, 2008; McFadyen & Rankin, 2016). Habang patungo sa mga *key informant*,

kaakibat din nito ang pagmamasid, patingin-tingin, pagsusuroy-suroy, at pag-oobserba sa paligid<sup>3</sup> nang sa gayo'y matukoy—sa tulong pa rin ng mga gatekeeper—kung saan at/o sino-sino ang mga potensiyal na kalahok sa oras na magsagawa ng metodong pakikipagkuwentuhan sa mga susunod na linggo/buwan.

Pangalawa, ang pakikipagkuwentuhan. Nakausap ang dalawang nanay ng Barangay Concepcion Uno noong 10 Hunyo 2019 at ang dalawang lalaki mula sa magkaibang barangay ng Nangka at Malanday noong 25 at 26 Hunyo 2019. Kaiba ang mga nabanggit sa mga panayam. Katulad ng ilang mga pag-aaral na gumamit at/o nagpahalaga sa ganitong metodo (De Vera, 1982; Enriquez, 1988; Aguilin-Dalisay et al., 1995; Orteza, 1997; Aquino, 1999; Aquino, 2006; Navarro, 2015), mahalaga ang pakikipagkuwentuhan bílang larawan ng *pakikisalamuha*, *pakikitungo*, *pakikilahok*, *pakikibagay*, at *pakikisama* (Pe-Pua & Protacio-Marcelino, 2000, p. 56). Bagaman ay pinuna ng ilang pag-aaral (Margallo, 1981 sa Javier, 2005) ang paraan ng pakikipagkuwentuhan dulot ng isyung pangmetodo at etikal, hindi pa rin maikakaila ang pagpapalitaw dito ng isang kuwentong búhay na ayon nga kay Aquino (2006), “*nagbibigay-halaga sa pagkakataon kung saan ang mga konsepto o teorya ay maaaring malinang at mapag-ibayo batay sa aktuwal na karanasan at sariling pananaw ng mga nagbabahagi* (p. 99).” Sa kaso ng may-akda, parang relasyong anak-sa-nanay ang naging daloy ng pakikipagkuwentuhan niya sa dalawang nanay. Samantalang sa dalawang lalaki, sa magkahiwalay na mga araw, ay nasamahan ng inuman ang pakikipagkuwentuhan at/o pagpapakuwento—lalo pa’t sa mismong pahayag ni Pe-Pua (2015), tipikal ang inuman sa pagkukuwentuhan ng mga lalaki.

Sa pag-aaral na ito, ginawa ang parehong metodo—ang semi-structured interview at pakikipagkuwentuhan dahil sa dalawang kadahilanan. Una, binabalanse nito ang isang “hiram” na metodo at “taal” na metodo. Pangalawa, mas gagap ng mananaliksik ang metodo ng pakikipagkuwentuhan na masasalamín sa kaniyang ilang nailathalang pag-aaral.

Sa unang dahilan, may pormal na konotasyon ang “hiram” na metodo. Katulad ng transliteradong interbyu, nangangailangan ito ng estrukturadong katanungan bagaman kung minsan ay maaari ding magsanga-sanga ang mga tanong. Samantala, tangan ng “taal” na metodo ang kalikasan ng metodong matagal nang nilinang at pinagyaman ng Sikolohiyang Pilipino.

Sa pangalawang dahilan, mas kumportable sapagkat nagkakaroon ng direktang ugnayan ang mananaliksik at mga kalahok—na hindi nakaramdam ng pag-aalinlangan at limitadong pagsagot. Gayumpaman, pagdating sa mga impormasyong nakuha mula sa dalawang metodo—bahagyang estrukturado ang kinahinatnan ng mga sagot sa semi-structured interview sapagkat mahigpit itong nakaangkla at/o umiikot sa pinag-ugatang tanong. Gayundin naman ang pakikipagkuwentuhan ngunit dahil sa usapin ng tila “ordinaryong pag-uusap,” nakapagbigay ito sa mga kalahok ng higit na kalayaan at kalawakan ng pagsagot. Sa kabuoan, kapwa nakapagbibigay ng organikong kaalaman ang semi-structured interview at pakikipagkuwentuhan na hindi basta-basta nakukuha at nasusukat ng ilang babasahin, artsibo, at iba pang dokumento—kundi ang kaalamang nagmumula sa bibig (*oral*) na maihuhulma sa isang sistematikong pagsusuri.

### **Pagsusuri ng Datos**

Sa semi-structured interview, sa tulong ng mga mag-aaral ng may-akda, inirekord at ginawan ng *transcribed verbatim* ang isinagawang panayam sa apat na key informant. Ang may-akda naman ang mag-isang nagtalâ sa apat pang kalahok na sumailalim sa pakikipagkuwentuhan. At dahil kaakibat ng kuwentong búhay (Aquino, 2006) ang naratibo ng isang indibidwal, sinuri ng may-akda ang mga nakalap na datos batay sa pananaw ng *narrative analysis*. Ayon kina Holley at Colyar (2009) at Garcia-Rodriguez (2016), nakatutulong ang paraan na ito upang mabungkal sa bawat kuwento ang natatago

## **Sampung Taon na ang Nakalilipas...Isang Naratibong Pagsusuri sa Danas at Alaala ng mga Marikeño sa Panahon ng Kalamidad Dulot ng Bagyong Ondoy (2009)**

ngunit malalim na larawan ng lipunan. Ang pagsasalaysay ng mga naratibo ay isang resulta ng pagkakasunod-sunod at pagkilos ng taumbayan at ang bawat kuwento ay may tiyak na sinusundang panahon (Holley & Colyar, 2009). Ang ganitong katangian ng narrative analysis ay walang dudang kamukha ng kuwentong búhay ni Aquino (2006) na “sumasapol sa aktuwal na karanasan ng nagbabahagi at magagamit bílang batayan ng pagsubok, pagpuna, o pagpapatatag ng mga konsepto, proposisyon, at teorya (p. 99).”

Upang maging ganap na batayan ang mga nakalap na naratibo at/o kuwento, nagtakda ang may-akda ng *code* at pinagsama-sama ang mga magkakauring tema na masinsinang inihanay at pinalawak. Ang mga temang ito ay maipapaliwanag sa mga kinasapitan ng pag-aaral.

### **Etika ng Pananaliksik**

Mahalaga sa pagkakataong ito ang naging panukala nina Yacat et al. (2021) hinggil sa etika ng sikolohikal na pananaliksik. Habang isinasagawa ang pangangalap ng datos, may hinarap na ilang suliranin ang may-akda. Sa mga panayam at pakikipagkuwentuhan, nasaksihan ang ilang pangamba at pag-aalinlangan hinggil sa potensiyal na *vulnerability* lalo pa’t napag-alaman nilang isang rekisito sa kursong kinukuha ng may-akda sa UP Diliman ang kakalabasan ng pananaliksik. Kasagsagan iyon ng kaliwa’t kanang paninira at panre-*redtag* ni Duterte sa mga taga-UP na napag-alaman ng may-akda na nakakarating pala sa mga ordinaryong mamamayan. Bílang solusyon, naging mahalaga ang *disclosure* (Neuman, 2004) upang kuhanin ang tiwala ng mga kalahok. Inilantad ng may-akda ang pagkakakilanlan—isang kapwa-Marikeño na katulad nila ay pinalubog din ng Ondoy at naglalayong maitampok ang kanila (at aming) mga naratibo sa ika-10 taóng anibersaryo ng pagbaha. Gayundin, ipinaliwanag sa kanila na isang rekisito at pananaliksik bílang mag-aaral ang gawaing iyon at walang kaugnayan sa anumang organisasyon at sangay ng pamahalaan. Kaya’t naging malinaw para sa ilan na walang kakayahang magbayad ang may-akda. Walang monetaryo o materyal na bagay (*token*) na natanggap ang mga kalahok. At upang maiwasan ang *psychological distress* ng ilang kalahok, sa paraang kasiya-siya at unting tawanan naganap ang mga panayam. Lalo pa’t may nagdurugtong sa kanilang “simpatiyang Marikeño” o pagkakatulad ng mga karanasan noong Ondoy.

Bílang bahagi ng *privacy at confidentiality*, binasa at ipinaliwanag ng may-akda sa mga kalahok ang nilalaman at kondisyon ng *consent form*. Ginarantiya niyang magiging kumpidensiyal ang kanilang naging pag-uusap. Itinago rin sa pag-aaral na ito ang kanilang totoong pangalan, kaya’t ang kanilang kodigo rito ay nakabatay sa alyas, edad, at kinabibilangang barangay (i.e., Manang Tessa, 45, Nangka).

Ang kopya ng *voice recording*, mga larawan, mga transcribed verbatim, at mga kaugnay ay nasa personal na pag-iingat ng may-akda. Sa kasamaang palad, ang *hard copy* ng transcribed verbatim ay napinsala ng muling pagbahang idinulot ng bagyong Ulysses noong 2020 na halos muling nagpalubog sa tahahan ng may-akda. Gayumpaman, ang *soft copy* ay nasa kaniyang kompyuter na may kalakip na *password*.

### **MGA KINASAPITAN**

Para kay Yardley (2017), mahalaga ang mabusisi at masinsing pagbibigay ng interpretasyon sa mga nakuhang datos tungo sa pagbubuo ng mga kinasapitan. Aniya, “*qualitative analysis must be able to show sensitivity to the data...by not simply imposing pre-conceived categories on the data but carefully considering the meanings generated by the participants* (p. 295).” Kung kaya’t ayon sa masusing pagbabasá at pagsusuri sa mga kinalabasang naratibo ng mga kalahok, nakapaghanay at nahati sa dalawang bahagi ang pag-aaral. Nagtataglay iyon ng pitóng tema upang mabigyan ng karagdagang kahulugan ang danas at alaala ng mga Marikeño sa Ondoy. Ang unang bahagi ay tungkol sa aktuwal na danas at

alaala ng mga Marikeño nang maganap ang pagbaha—ang (1) Ondoy bílang delubyo; (2) Ondoy bílang kaparusahan; (3) kaligtasan sa panahon ng Ondoy; at (4) pagtulong sa panahon ng Ondoy. Samantala, ang ikalawang bahagi ay tumalakay naman sa mga bagong binuong konsepto ng mga danas at alaala ng mga Marikeño pagkatapos ng Ondoy (post-Ondoy)—(5) binuong palatandaan; (6) binuong takot; at (7) binuong kasanayan ng Ondoy.

## Unang Bahagi

### *Danas at Alaala Nang Maganap ang Ondoy*

#### 1. Ondoy bílang delubyo

Malinaw ang konsepto ng delubyo bílang bahagi ng naratibo/paglalarawan ng ilang kalahok ukol sa Ondoy. Unang narinig ito kay Manang Tessa ng Nangka:

*Hindi ko pa nararanasan... First time siguro nasa bubong ako na parang inisip ko na delubyo na talaga ito kasi malakas talaga ang tubig. Lisipin mo na lang 'yung búhay mo at buháy ka pa rin.*

Bagaman mayroon talagang semantikong katangian ang delubyo o *deluvio* bílang “malaking baha at malakas na buhos ng ulan (Almario, 2010, p. 207),” ang konstruktibong kahulugan nito para kay Manang Tessa ay labis na kalamidad at/o disaster o kung minsan napagkakamalan pang “katapusan ng mundo.” Karaniwang biblikal ang katangian at/o kahulugan ng delubyo, ngunit ginamit na rin ito sa ilang pag-aaral (Chandoke, 1979; Eslit, 2023) upang tukuyin ang malawakang baha na kinasapitan ng lipunan. Ang tumbasan ng delubyo at disaster ay naipaliwanag ni Alfredo Mahar Lagmay ng UP Resilience Institute. Aniya, magagamit ang “wika kontra delubyo” sa disaster bílang *warning at response* (Pineda, 2017). Bagaman ang dalawang klasipikasyong ito ni Lagmay ay nakatuon sa wika ng pamahalaan, maaari pa ring mahiram ang *response* o tugon upang maipaliwanag ang karanasan ng mga kalahok (tugon ng mga kalahok).

Kalakip at/o karugtong ng delubyo ang esensiya ng “kaparusahan” at “kaligtasan.” Sa Bibliya, pinarusahan ang sangkatauhan habang may nakaligtas na magpapatuloy ng panibagong búkas. Hindi kontrolado ng mga tao ang kalamidad at/o disaster, sa wika ni Yapan (2019), “dinadala ng mga tao ang mga kapinsalaang buhat ng pamumuhay ng mga diyos” at kaniyang palalawakin sa depinisyonang ito:

Wala siláng anumang magagawa para pigilan ang pangyayari ng isang likás na kalamidad. Isang bagyo, lindol, pagputok ng bulkan, o delubyo ay hindi ganap na isang likás na kalamidad kaysa isang manipestasyon, isang rebelasyon, ng mysterium tremendum ng mga diyos. Sa harap nito, **ang tanging magagawa lámang ng mga tao ay ang makaligtas** (akin ang diin) (Yapan, 2019, p. 94).

Mula sa pahayag ni Yapan (2019), maaaring sumanga ang Ondoy bílang delubyo sa aspekto ng kaparusahan at kaligtasan.

#### 2. Ondoy bílang Kaparusahan

Sa ilang resulta ng ibang pag-aaral (Café, 2010; Botor et al., 2018; Pirak et al., 2021), lumabas na ang kalamidad at/o disaster ay isang pagpapaalala ng Diyos sa tao. At para kay Ballano (2022), ito ay pagtawag sa Diyos at pagpapatibay sa pananampalataya. Gayumpaman, may kaibahan ang kaso ng mga Marikeño ukol dito.

## **Sampung Taon na ang Nakalilipas...Isang Naratibong Pagsusuri sa Danas at Alaala ng mga Marikeño sa Panahon ng Kalamidad Dulot ng Bagyong Ondoy (2009)**

Batay sa mga naging resulta ng pakikipagkuwentuhan sa dalawang kalahok sinabi nila na ang Ondoy ay isang kaparusahang mula sa kalikasan. Ayon kay Manang Zenaida ng Concepcion Uno:

*Biktima ako kasi binabalik lang ng kalikasan ang pagtatapon natin ng basura.*

Kawangis ito sa naging pahayag ni Manong Rudy ng Nangka:

*Masyado na kasi tayong madami at dikit-dikit (kabahayan), at barado na ang kanal, puro pa tayo tapon-tapon ng basura, hindi naglilinis, at biktima tayo ng sarili nating mga multa. Tayo rin ang may kasalanan.*

Kapwa nabanggit ng dalawa ang salitang “biktima.” Masalimuot ang terminolohiyang ito kung titingnan ang semantikong estruktura. Madalas na naikahon ang konseptong ito sa paglalarawan bílang api (*oppressed*), kaawa-awa, at napapahamak na entidad ng lipunan (Walklate, 2005). Matatawag na “biktima” ang isang grupo o indibidwal kung nasa sitwasyon itong mawawala o mapapahamak ang kaniyang kaligtasan lalo na ang sariling búhay (Weis & Borges, 1973). Sa usapin ng kalamidad at/o disaster, ipinapakita ng ilang pag-aaral na eksplisito ang pagkakahanay sa “biktima” sa estado ng mga napagkaitan ng kaginhawahan, kapalaran, at kapayapaan (Kets de Vries, 2012). Bagaman sa kinasapitan ng pag-aaral na ito, inamin na ang pagiging biktima ay dulot ng “sariling aksiyon” na ibinalik lámang ng kalikasan at kapaligiran sa tao, maaari ring pansinin kung paano tiningnan ng pamahalaan ang bagay na ito. Upang ilihis, halimbawa, ang “sisi” kung bakit maraming naging biktima sa isang kalamidad at/o disaster, kung hindi nagtuturuan (*cf.* Miranda, 2012), palaging sinasabing “gawa ito ng Diyos” (Nair, 1997) o “kapabayaang ng tao sa kalikasan.”

Mahihinuhang nakatuon sa aspektong kapaligiran ang itinuturong sanhi ng ilang Marikeño kaya nagkakaroon ng matataas na pagbaha sa lungsod bagama’t may naiambag din ang pamahalaan sa aspektong ito. Nabanggit sa itaas na naikuwento ni Lola sa may-akda ang mataas na baha noong dekada 1980. Itinuro rin niyang dahilan ang hindi sistematikong pagsasaayos ng mga basura. Tinawag pa niya mismo ang Marikina bílang “palengke ng Balintawak” sa gabundok na makikitang basura sa lungsod sa panahon ng administrasyon ni Mayor Rodolfo Valentino (1988–1992). Nagkaroon lámang ng maayos na segregasyon sa basura ang mga Marikeño sa administrasyon ni Mayor Bayani Fernando (1992–2001) na ang paglabag ay mayroong karampatang multa (Mendoza, 2021). Sinasabing ang pagsasaayos sa basura ay nakatulong upang maiwasan ang pagtaas muli ng mga baha (Lamond et al, 2012). Kung naayos na ang sistema ng basura, bakit binaha pa rin ang Marikina noong panahon ng Ondoy? Nabigyan ito ng maikling pagpapaliwanag ng may-akda sa kaniyang lektura (Tugano, 2022b). Ito ay dahil sa malawakang pagbubungkal ng mga lupa sa Montalban at pagpapatayo ng kabahayan na sumasagasa sa ruta ng Ilog Marikina. Halimbawa, ang Wawa ay itinayo pa noong dekada 1990 ngunit hindi naging operasyonal mula pa noong dekada 1950 kaya’t noong 1970 binabantayan ng pamahalaan ang ilog upang hindi lumalim ng 90 metro ang tubig, kaya’t iminumungkahi noon ang pagbawalan ang pagpapatayo ng anumang establisimiyento—9 metro ang layo mula sa pampang ng ilog (ESSC, 2010). Ngunit hindi ito natupad. Samakatwid, dulot ng kapabayaang din ng pambansang pamahalaan noon pa man (Romero & Nakamura, 2017) sa kalikasan, na sinabayan ng kawalang disiplina ng ilang mamamayan, ang siyang naging bunga ng paniningil ng kalikasan sa anyo ng isang delubyo.

### **3. Kaligtasan sa Panahon ng Ondoy**

Lumabas sa mga pangangalap ang konsepto ng kaligtasan. Isang kabalintunaang hitik sa mga terminolohiyang pangkalamidad at/o disaster ang *United Nations Office for Disaster Risk Reduction* (UNISDR) (2009) ngunit hindi nito nabigyan ng kahulugan ang kaligtasan o *safety*—pinakamalapit

lámang sa mga ito ang *mitigation* (UNISDR, 2009). Mahalaga sa lipunang Pilipino ang konsepto ng kaligtasan, ligtas, at/o nakaligtas. Sa panukala ng *Teolohiyang Pilipino* lalo na ni Jose de Mesa (2016) iminungkahi niya ang *kaligtasan* hindi bílang sinónimo ng *salvation* ng Kanluran. Aniya, ang huli'y paglayo at/o pag-alis lámang sa kapahamakan ng kaluluwa ngunit pinahalagahan sa *kaligtasan* ang parehong “kaligtasan” at kaginhawahan ng kaluluwa at katawan (De Mesa, 2016). Sa kaso ng Ondoy, higit nating iniingatan ang kaligtasan ng katawan.

Kung gagamitin man ang konsepto ng UNISDR (2009) at ni De Mesa (2016), malinaw na hindi ligtas ang sinuman sa ganitong kalagayan. Nagbabadya ito ng kapahamakan o di kaya'y napipintong kamatayan. Kung gayon, ano ang panibagong depinisyon ng kaligtasan sa karanasan ng mga biktima sa Ondoy? Higit itong tumuon sa paraan/ginawang paraan upang makamtam ng mga kalahok ang kaligtasan.

Para kay Manang Helen ng Malanday, ang kaligtasan sa panahon ng Ondoy ay gumawa ng hindi pangkaraniwang pagkilos:

*Nang tumawid po kami sa mga bubong-bubong ng bahay para makarating kami doon sa mataas na bahay, yung may third floor... Bali, umakyat kami ng daan na may bakal sa pader ng bahay. Talagang binigyan kami ng way ng Panginoon na makaakyat kami kasi may mga bakal na ganoon, doon kami dumaan, kaya nakaligtas naman kami.*

Lumalabas na ang mga materyal na bagay ay naging kasangkapan sa kaligtasan ng mga kalahok. Nakatulong kay Manang Helen ang “pagtawid-tawid sa bubong-bubong” at “pag-akyat sa bakal ng pader.” Ang mga materyal na bagay na ito ay naging solusyon sa “kaligtasan ng sarili.” Liban sa kaligtasan ng pamilya/sarili, may lumitaw din hinggil sa kaligtasan ng mga gamit. Para muli kay Manang Helen, ang pangunahing bagay na kailangang iligtas sa panahon ng Ondoy ay mahahalagang bagay na may kaugnayan sa pag-aaral ng kaniyang anak:

*Sobra 'yung nandoon ako sa loob ng bahay na lagpas tao na 'yung tubig, hinahagilap ko 'yung lahat ng gamit kasi number 1 sa akin, unang-una kasi, naka-separate na 'yung mga document namin, mga marriage contract, mga birth certificate, iba pang mga dokumento, bali naka-isang bag talaga 'yun. Naiakyat na, 'yun talaga 'yung kauna-unahan kong kinuha 'tas 'yun naiwan nga lang ako sa baba, 'yung mga anak ko, sinafety ko na doon sa taas, doon sa second floor ng nanay ko...Hinahagilap ko doon ako hirap na hirap, **hinahagilap ko 'yung mga libro, 'yung mga bag nila kasi nga siyempre, inuuna ko 'yun, iniisip ko 'yung pag-aaral nila na wala akong pambili ng gamit, totally ng mga panahon na iyon, mahirap, sobrang gipit ang búhay kaya iniisip ko na mailigtas ko lang man 'yung mga bag, gamit ng anak ko, number 1, di bale 'yung mga damit okay lang rin mabaha.** 'Yun ang pinakamahirap doon yung dumaan ako sa butas ng bubong.*

Sa naratibo ni Manang Helen, nangangahulugan itong pagligtas sa kinabukasan ng anak—sa pamamagitan ng pagtatapos sa pag-aaral. Kung hindi niya nailigtas ang mga nasabing gamit sa paaralan, posibleng hindi maipagpapatuloy o may kahirapang magpatuloy/magsimula muli ang kaniyang mga anak sa pag-aaral. Sa kabilang dako, may ilang kalahok ang hindi nabigyan ng pagkakataon upang makaligtas at magkaroon ng bagay na maililigtas. Marami rin ang nawalan ng mga personal na ari-arian. Katulad ni Manang Nene, sinabi niyang:

*'Yung ano talaga, wala talaga, washed-out talaga kami. Kasi wala talaga kaming dala, ito oh gamit wala [itinuturo ang kanilang mga appliances], pati damit namin iilan lang naman, wala basa rin.*

## **Sampung Taon na ang Nakalilipas...Isang Naratibong Pagsusuri sa Danas at Alaala ng mga Marikeño sa Panahon ng Kalamidad Dulot ng Bagyong Ondoy (2009)**

May ilan din ang nasa bingit ng kamatayan. Upang makaligtas at/o mailigtas ang asawa, ayon kay Mang Cesar:

*'Yung una kong inaalala at iniligtas 'yung asawa ko tapos 'yung mga anak, dinala ko muna sa taas sa unang bahay namin doon kasi mas safe ikompara mo rito kasi nakita ko 'yung pagtaas ng tubig halos eh every one hour kung tumaas ay halos 1 feet, minsan mas mabilis pa nga eh... Ang kinakatakot ko itong asawa ko nasa bewang na namin 'yung tubig sa second floor nagliligpit pa, hindi naman marunong lumangoy, naglalakas-lakasan ng loob buti na lang wala pa kaming bintana na may harang na bakal... Nandoon ako sa kabilâng bahay sa kapitbahay namin hinugot ko sa bintana 'yan [itinuro ang asawa]... iyon 'yung pinakanakatakot doon kasi sabi ko kung saka-sakaling humawak ako at bumitaw siya ay malamang sampung taon na akong biyudo.*

Lumabas din sa kinasapitan ang konsepto ng “walang kaligtasan” o di kaya’y “hindi nakaligtas.” Sa pakikipagkuwentuhan ng may-akda kay Manang Lourdes ng Concepcion Uno, bagaman hindi sariling naratibo ng kasawian ng huli, nailahad niya ang ilang kaganapan hinggil sa mga namatayan at/ hindi nakaligtas:

*...Totoo naman may mga hindi nakaligtas, may nalunod pero kaunti lang ang binabalitang namatay. Eh madami kaya, lalo na 'yung mga nataagpuang bangkay na nakasabit na halos sa mga puno parang hayop na lang na naiwan, nakakaawa. Meron nga sa mall [hindi babanggitin] na maraming nakulong sa loob, tapos namatay sila, nalunod.*

Sa pakikipagkuwentuhan naman kay Manong Buboy ng Malanday, lumabas sa kaniyang naratibo ang kabiguang mailigtas ang kaniyang mahal sa búhay. Bagaman, hindi niya idinetalye ang malagim na nangyari, sa kadahilanang hindi siya kumportableng ikuwento iyon, ganito na lámang ang kaniyang inilahad.

*...moved on na raw sabi sa eleksiyon ba 'yung 2011 yata 'iyon, sabi ko sa sarili ko, paanong moved-on kung namatayan ako ng pamilya dahil sa baha... marami ang hindi nailigtas dahil sobrang bilis talaga ng tubig at ang lalaki ng baha sa bawat bahay.*

Ayon sa mga nakapanayam at nakakuwentuhan ng may-akda, malinaw dito ang kawalan at/o kakulangan ng kaligtasan at estado ng pagiging “táong ligtas” sa kalagayan noong pagbaha. Kumbaga, *modified* at panibagong kahulugan ng kaligtasan at “pagiging ligtas” ang nabuo sa pag-aaral na ito—isang kaligtasan sa anyo ng samot-saring paraan upang makaligtas. Malinaw ang disposisyon ng may-akda sa naratibong ito, sapagkat siya at sampu ng kaniyang pamilya noong panahon ng Ondoy ay nasa pinakabubong ng kanilang tahanan, walang nasisilungan sa halos 12-oras, kumain ng panis na kanin na kanilang iniakyat bago tumaas ang baha, at may nailigtas pa silang isang pamilya na lumalangoy kasama ang isang bagong panganak na sanggol na inilagay sa planggana. At totoong walang sumagip at/o sumaklolong mga bangka sa kanilang lugar. Kaya’t sa susunod na bahagi, may lilitaw na muling panibagong kahulugan ng pagtulung sa Ondoy.

### **4. Pagtulung sa Panahon ng Ondoy**

Tipikal sa mga sinalanta ang paghahanap ng mga saklolo at/o tulong sa aktuwal na disaster at/o kalamidad. Ipinapakita ng resulta na nagkulang ang pamahalaan na tustusan ang ganitong mga pangunahing pangangailangan.



Ang ganitong pagkukulang sa pagbibigay ng tulong sa mga binabaha at/o sinasalanta ng Ondoy ay naipakita rin sa mga naratibo ng mga nakapanayam. Nabanggit ni Manong Cesar ang para sa kaniya'y isang dahilan:

*Sino naman pupunta sa inyo dito eh halos naman ng ano binaha, helicopter meron kumakaway-kaway lang.*

Dagdag pa niya:

*...parang wala eh kasi nagkaroon man ng tulong pero siguro ano na mga a week na kasi siyempre yung Marikina totally devastated din.*

Para sa ilang nasalanta katulad nina Manang Tessa ng Nangka at Manang Helen ng Malanday, na bagaman ay mayroong nakitang rumorondang *rescue team*, hindi naman sila nailigtas ng mga ito:

*...Oo meron naman sa daan lang [highway o itaas lang]... wala dito nagrescue sa amin noon doon lang sa taasan talaga (Manang Tessa, 45, Nangka).*

*Meron naman po... yung mga speedboat nila. 'Tas yung iba, sa iba sigurong lugar may mga eroplanong [helicopter] nakasagip sa kanila, sa amin wala eh, dito sa may Provident yata [kilala bilang lugar ng mga maykaya] (Manang Helen, 46, Malanday).*

Lumabas din sa pag-aaral, hindi naging maganda ang tulong pangkomunikasyon ng mga panahong iyon. Ayon muli kay Manang Helen:

*Hindi kami inabot, hindi kami inabot dito ng ano [tulong], kung inabot kami ng mga ganun... nasa rooftop kami...nagetext kami, "ihingi ninyo naman kami ng tulong" 'yung ganyan, 'yung "text niyo siya" "sabihin mo naman doon sa mga nasa ano na lugar," sa mga namumuno na i-ano [tinertext] naman kami, i-rescue naman kami ganun.*

Ang kasalatan sa ganitong tulong pangkomunikasyon para sa ibang Marikeño ang dahilan kaya hindi sila nakasagap ng balita ukol sa kalagayan at daloy at/o taas ng Ilog Marikina. Para kay Manang Tessa:

*Tawid lang talaga kami kung saan kami mapunta... bakit parang bigla daw ang tubig, di man lang silang nagpasabi, parang abiso.*

Ipinakita ng mga resulta ang selektibong pagtulong sa ilang lugar. Katulad ng itinatadhana ng *social suffering* (Kleinman et al., 1997; Renault, 2010), burukratiko at selektibo lámang ang pagtulong ng ilang ahensiya ng pamahalaan sa mga mamamayan. Sa kadahilanang sila ay tumutugon/tumutuon lámang batay sa sektor, anyo, kategorya, tindi, intensidad, at level ng paghihirap ng isang lipunan (Kleinman, 1997). Ang ganitong disposisyon ay personal ding naranasan ng may-akda. Hindi gaanong nakaabot sa kanila ang *reliefgoods* at ilang *food stub* dahil naringgan niya ang isang *social welfare worker* na nasa "subdivision" naman sila nakatira. Ang ganitong retorika ay muli ring naranasan sa panahon ng COVID-19 kung kailan nagbibigay ang pamahalaan ng tulong-pinansiyal alinsunod sa *Social Amelioration Program* (SAP). Ito ang pagtingin ng may-akda kaya lumabas sa pahayag ni Manang Helen ang idea na sa "Provident Village" nakatuon ang pagtulong. Gayong ayon sa pag-aaral ni Morales (2010), isa ang Provident sa mga pinalubog ng baha. May ilang kasong humihingi sila ng tulong sa pamahalaan para sa seguridad dulot ng kawalang koryente na naging dahilan upang maglipana ang mga magnanakaw. Gayundin, hindi pa rin sila nakakatanggap ng mga tulong tulad ng *reliefgoods* mula sa pamahalaan (Morales, 2010).

## **Sampung Taon na ang Nakalilipas...Isang Naratibong Pagsusuri sa Danas at Alaala ng mga Marikeño sa Panahon ng Kalamidad Dulot ng Bagyong Ondoy (2009)**

May kaugnayan ang kakulangan ng pagbibigay-tulong ng pamahalaan sa ipinakitang resulta ng mga kalahok ukol sa kung sino at/o ano ang higit na nakatulong sa kanila.

Sinusugan ito ng ilang mga nakapanayam na nagsabing kapitbahay at katabing panaderya ang higit na nakatulong sa kanila noon. Katulad ni Manong Cesar:

*Buti nga 'yung kapitbahay naming, yung kanilang mga tinapay pinabibigay nila saluhan kami nang saluhan, siyempre 'pag nasalo mo na, at meron ka na, hagi mo na sa iba para naman hindi lang ikaw 'yung kakain kasi 'pag hindi ka nagbigay sasabihan ka pa ng "Suwapang mo" (tumatawa). 'Yung bakery diyan ang daming tinapay siyempre marami silang natirang paninda at hindi naman nabili ayun pinagbibigay nila.*

Ayon naman sa pagkaalala ni Manang Tessa, kapitbahay din ang nagpaakyat sa kaniyang buong pamilya upang marating ang may kataasang bahay ng kapitbahay:

*Mabait naman 'yung may-ari ng bahay kasi pina-ano na kami doon eh, pinataas... Mataas ang bahay nila kaya doon 'yung nakita namin na lilipatan kasi safe din eh.*

Para naman kay Manang Helen, ang pribadong sektor ang higit na nakatulong sa kaniya:

*Unang ginawa noon 'yung daan dito para makapasok 'yung mga tulong, mga relief. Madami talaga [ang nakarating na tulong], number 1 doon 'yung Tzu Chi talaga na tumulong sa amin na naglinis dito.*

Sa pangkalahatang pag-analisa, malaki ang impak para sa mga Marikeño ng bayanihang namagitan sa mga magkakapitbahay at magkakamag-anak (Adviento at De Guzman, 2010). Ito ay upang matustusan at/o ipanghalili sa ilang pagkukulang ng pamahalaan. Para naman sa mga pagpapatotoo ukol sa pribadong sektor katulad ng *Tzu Chi* (Lau & Cornelio, 2015) na binabanggit ni Manang Helen, bagaman sa kaso ng Camacho Phase II, Nangka, higit na nakatulong ang kanilang programang *Cleaning Work for Pay*. Sa ilalim ng programang iyon, nakakuha bawat araw ng 400 piso ang bawat indibidwal kapalit ng paglilinis ng mga sinalanta ng Ondoy at dahil dito, nakabili sila ng mga pagkain at mga bagong kagamitan sa tahanan (IPC, 2010). Malaki ang naitulong ng suportang iyon lalo na sa mga nawalan ng trabaho lalo pa't inabot ng halos dalawang buwan ang muling pagbangon ng Marikina mula sa Ondoy (Tuaño et al., 2018).

### **Ikalawang Bahagi**

#### ***Danas at Alaala Isang Dekada Pagkatapos ng Ondoy***

##### **5. Binuong Palatandaan ng Ondoy**

Sa patuloy na pagdalumat sa mga kinasapitan ng panayam, may pangunahing lumitaw na tema hinggil sa danas at alaala ng mga Marikeño pagkatapos ng Ondoy (post-Ondoy). Tuwing nauulanan at/o binabaha ang isang tao, naging bahagi na ng Filipinong korpore ng mga salita ang *na-Ondoy ka ba?* Ang repetatibong pagbuhos ng malakas na ulan ang siyang nagdadala sa maraming Marikeño na muling maranasan ang Ondoy. Kaya't tuwing nangyayari iyon, may mga itinuturing silang palatandaan na nagiging hudyat ng kanilang pagkilos.

Level ng tubig sa Ilog Marikina ang nagiging palatandaan ni Manang Nene lalo pa't malapit lámang ang kaniyang bahay sa Tumana sa mismong direksiyon ng ilog:

*kabado...diyan po sa may sa kabila, pag may tubig na po riyan [kabilang kalye/Palay Street]... pag ano na 18 o 19 [meters], ano na talaga taranta na kami umpisa na naman 'yan... may maano [dumating] lang na bagyo, pag-ulan ng mga ilang araw, na kami niyan.*

Para naman kay Manang Helen na malapit din sa ilog na nasa bahagi ng Malanday, liban sa sirena (*emergency siren*), may tinitingnan siyang palatandaan sa kalikasan at/o kapaligiran na senyales ng napipintong pagbaha:

*Mayroon po kasi kaming sirena dito. Saka, nakikita namin totally kasi nandiyan lang 'yung ilog. Mayroon kaming mga palatandaan, lagi kaming nakadungaw doon sa ilog, may tinatandaan kami doon pag umabot na, tumaas na... 'Yun pong halimbawa mayroong isang puno doon o kaya mayroong bato. Pag inabot siya, ibig sabihin tumaas 'yung tubig... Kinakabahan talaga kasi naku 'yung mga gamit kailangan na namang i-ano [iligpit].*

Kalikasan din ang naging palantandaan o *sign*, sa wika ni Manong Cesar ng Nangka. Tiningnan niyang palatandaan ang mga insekto at ilang hayop. Liban ito sa tunog ng sirenang kinakatakutan ng lahat. Ayon sa kaniya:

*Lumalabas 'yung mga ipis sa kanal... 'yung human sign o 'yung tinatawag natin na "gawa ng tao na sign" na tumataas na 'yung tubig 'yun 'yung sirena; sirena 'yung "eengggg." Pero kumbaga 'yung siyempre instinct ng mga hayop at insekto lumalabas sa kanal pati alupihan 'pag lumalabas na 'yon, maya-maya unti-unti ng umangat 'yan [tubig] tuloy-tuloy na 'yan... Namamasyal kasi pagka malaki na 'yung tubig tumitingin muna kami sa kanal. 'Pag wala pumupunta muna kami sa may ilog. Tinitingnan kung lumalaki na 'yung ilog kung hindi naman kasi 'yun 'yung pinakatinitingnan ko diyan 'yung kanal namin sa labas 'pag ang tubig umaagos na nang malakas tapos unti-unting tumataas at 'yung mga ipis ay lumalabas na, sign na talaga 'yun tuloy-tuloy na 'yun pero hangga't ang ipis ay hindi lumalabas diyan sa kanal hindi kami babahain sa loob.*

Lehitimo ang palatandaang isiniwalat ni Manang Nene—"pag-akyat ng 18–19 metro ng tubig sa ilog" at "tunog ng sirena" ni Manang Helen. Sa Marikina, mayroong tinatawag na *river monitoring sensors* ang inilagay sa ilalim ng tulay ng Tumana at Sto. Niño upang tingnan ang level ng tubig. Sa 1st alarm o 15 metro, hudyat iyon ng paghahanda sa paglikas ng mga malapit sa ilog; ang 2nd alarm o 16 metro ay nangangahulugan ng paglikas sa itinadhang *evacuation area*; at ang 3rd alarm o 18 metro ay doon nagaganap ang sapilitang paglikas (Seráfica, 2017). Kritikal na level ang 17 metro samantalang pumapasok na ang tubig at kung minsan, nagpapalubog na rin sa ibang mga kabahayan sa ilang barangay kung sumukat na ang ilog ng 19 hanggang 21 metrong lalim.

May ilan ding mga lumitaw na nagsilbing palatandaan ng mga Marikeño na nagiging dahilan ng kanilang pangamba. May isang palatandaan ding nabanggit ni Manang Nene—ang balita ukol sa bagyo at bago (*weather forecast*):

*...yung balita nila nauuna na eh... imbes na hindi ka kakabahan, ganito daw kalakas.*

Batay sa kinalabasang resulta ng mga panayam, malinaw ang disposisyon ng may-akda sa ganitong mga bagay. Tuwing umuulan nang walang tigil, palatandaan rin ang tunog ng sirena. At sa mga nagdaang baha, ang ilang bagay na nakapaligid sa tahanan nila katulad ng puno ng mangga, poste ng koryente, at marami pang iba. Tuwing lalagpas ang mga iyon at/o malapit nang abutin, tulad ng ibang mga Marikeño, nakapagdadala na iyon ng pangamba. Bukod sa mga nabanggit, nakaabang,

## Sampung Taon na ang Nakalilipas...Isang Naratibong Pagsusuri sa Danas at Alaala ng mga Marikeño sa Panahon ng Kalamidad Dulot ng Bagyong Ondoy (2009)

inaabatan, at nakaalerto ang mga Marikeñong malapit sa ilog sa *Facebook page* ng Marikina PIO at Marikina City Rescue 161. Doon ipinapakita ang aktuwal na *footage* hinggil sa a level ng tubig sa ilog—habang mababása ang mga komento ng tao—na may pangangamba at panalangin.

### 6. Binuong Tákot ng Ondoy

Walang dudang lumabas ang “takot” bílang tema sa danas at alaala ng mga Marikeño sa Ondoy. Uubra marahil dito ang kasabihang Pilipino, *madali ang magpatawad ngunit hindi makakalimot*. Ang konsepto ng “pagpapatawad” ay ang “pag-alpas” o “moved-on” sa nangyari samantalang ang “hindi makakalimot” ay ang patuloy na pagpapaalala ng nasabing karanasan sa anyo ng repetatibong pag-ulan.

Unang talakayin ang usapin ng tákot ukol sa “hindi makakalimot.” Nakakamanghang lumabas sa mga panayam na ang depinisyon ng tákot ay naipapamana at nagugunita pa mula sa nakaraang karanasan. Halimbawa, nang maganap ang Ondoy, si Manang Nene ay mayroong dalawang anak at ang isa roo’y hay-iskul. Ayon sa kaniyang pahayag:

*...nagkakaphobia na sila, sila takót din.*

Kapwa binanggit ni Manang Nene ang “phobia” at “tákot.” Bagama’t sa ilang pagkakataon, napagkakamalian o napag-iisa ang kahulugan nito—ngunit ang phobia ay hindi lámang isang simpleng tákot ngunit mas malalim pang uri ng “tákot.” Ayon kina Coelho at Purkis (2009), ang phobia, bagama’t nananatiling kontrobersiyal, ay nagpapakita ng matinding tákot sa mga bagay at sitwasyon sa kawalan ng proporsiyonal na panganib. Kumbaga, sa kaso ng Ondoy, ang lahat ay maaaring “takót” sa mga ulan at baha ngunit maaari ring isang “phobia” kung labis-labis naman ang pagbuhos ng ulan at pagbaha. Katulad din ito sa tákot at phobia na ipinamana ng Ondoy sa pamilya ni Manang Helen na mayroong limang anak na nasa edad 6, 8, 9, 10, at 12 nang maganap iyon. Batay sa kaniya, ang 12-anyos at 10-anyos na mga anak ang nakaranas at napagmanahan ng takot dulot ng Ondoy:

*‘Yung panganay totally, ‘yun talaga ‘yung nakaramdam ng tákot saka ‘yung pangalawa kasi sila na talaga ‘yung may malay nung mga time na iyon... takót lang noon sila ‘yung tumawid kami ng bubong pero nang nandoon na kami sa taas, okay naman na... Balewala lang naman din [sa bunso]...tinatanong niya lang sa akin, “Mama gaano kalalim” ganyang kinukuwento ko sa kaniya. Pero ‘yung nararamdaman nila okey lang.*

Batay naman sa karanasan ni Manong Cesar na may tatlong anak—10, 12, 14—hindi na sila nakaramdam ng tákot sa mga susunod pang mga banta ng pagbaha. Anila, tinuruan nila ang mga itong “labanan” ang tákot. Para sa kaniya:

*Hindi sila natatákot. Alam nila na bago naman kasi halimbawa may ganyang pangyayari, inaano [itinuturo] ko din sa kanila na doon sila safe para di na kami nag-iisip.*

Katulad ng mga ibang konsepto, subhetibo, at kontekstuwal ang tákot batay sa kung sino ang nakakaranas at/o nakadarama nito. Kailangan pa rin isaalang-alang ang ilang mga bagay upang masukat ito kahit paano. Ang mga naratibong sinipi mula sa itaas ay batay sa kung sino ang nakakaranas at/o nakadarama. Marahil, halos kasing-edad ng may-akda ang mga panganay na anak nina Manang Helen at Manong Cesar. Lumalabas na ang mga batang iyon noon (+10 ang magiging edad noong 2019) ay mayroon nang kamalayan sa nangyari, dahilan upang makaramdam din ng tákot. Samantala, ang mga musmos sa panahong iyon ay hindi pa nauunawaan o di kaya’y hindi

maipaliwanag ang nadaramang takot. Ngunit nang muling binalikan ng may-akda ang mga pamilyang iyon matapos maganap ang bahang idinulot ng bagyong Ulysses noong 2020, ang mga “batang walang malay noong Ondoy” ay nakaranas na rin diumano ng takot sa pagbaha. Gayumpaman, ang ganitong usapin ay magbubukás sa panibagong pananaliksik.

Bagaman subhetibo at kontekstual ang takot, pinatotohanan ng mga naunang pag-aaral (Cotzee & Rau, 2009; Devji et al., 2016) na maaaring mabuo at/o nabuo ito mula sa paghihirap, anuman ang katangian at uri nito (Tedeschi & Calhoun, 1995; Alexander, 2004) –kung ito man para sa iba ay naipahahawang takot (*vicarious*) (Moulden & Firestone, 2007; Hirsch, 2012; Rauvola et al. 2019; Singer et al., 2019), takot dulot ng mga disaster at/o kalamidad (Janoff-Bulman, 1992; Alexander et al., 2004; Neria et al. 2009; Boscarino, 2015); o henerasyonal na takot (Erikson, 1994; Hirsch, 2012; Licata & Mercy 2015), malinaw na isa pa ring malawak na depinasyon at konteksto ang takot para sa mga sinalanta ng bagyong Ondoy.

Pangalawang tatalakayin ay ang usapin ng takot sa “pagpapatawad” ngunit katulad ng pagbanggit, sa ganitong paraan nakikita ng may-akda ang “pag-alpas” ng mga Marikeño noong 2019 o isang dekadang nakalilipas matapos ng Ondoy. Minsan nang naringgan ang pamahalaan na kailangang umalpas at sa madaling sabi “mag-move-on” sa ginawang disaster at/o kalamidad ng Ondoy.

Lumalabas sa mga naisagawang panayam na samot-saring subhetibong kahulugan ang kanilang naipamalas sa “pag-alpas” sa mga nakaraang takot. Kondisyonal para sa iba ang “pag-alpas.” Ibig sabihin, nakadepende sa sitwasyon nila tuwing umuulan at/o bumabagyo. Habang pinag-uusapan kung paano nila mailalarawan at nakikita ang alaala ng Ondoy noong 2019, napag-usapan din ang usapin ng “move-on.” Tinanong kung sila ay “naka-move-on” na at ito ang isinagot ni Manang Nene:

*...medyo ...kasi minsan di ba ano pa rin, mga ilan baha pa din ang magkasunod.*

Gayundin si Manang Helen na may pag-aalinlangan sa nasabing “pag-alpas.” Aniya:

*Moved-on pag walang baha... hindi sigurong masabi na naka-move-on kasi paulit-ulit na nangyayari sa amin eh... pag hindi na nangyari sa amin ang baha, siguro may moved-on sigurong mangyayari...Nakatatak na lang sa isip namin every 10 years or 9 years, kasi dati 10 years bago mangyari ang Ondoy.*

Iba ang naging opinyon ni Manong Cesar. Aniya’y kailangan nang umalpas sa nagdaang mga takot:

*Siyempre move-on ka na alangan namang manatili ka doon sa alaala ng malungkot na búhay na iyon siyempre move-on ka na .*

Gayumpaman, nais itatwa ng may-akda na posibleng may nagbago at/o magbabago pa sa resulta ng panayam na ito. Tandaang binahang muli ang Marikina dulot ng Ulysses na tinawag pa ngang “Ikalawang Ondoy” (Cabalza et al., 2020). Isinagawa ang pag-aaral noong 2019, paano na kaya ang estado ng kanilang “moved-on” pagkatapos nito? Subukang panoorin sa *Youtube* ang isang balitang inilabas ng ANC (2020), maririnig ang mga mensahe ng ilang kinapanayam ng midya:

*Lalaki: Pang-ilang beses na nangyari ito eh, mula noong Ondoy, Habagat, ‘tas ngayon. Bangungot. Bumalik po ulit yung dáting ano... dáting mga pangyayari.*

*Babae: Wala lahat ng gamit namin, magsisimula sa wala, wala zero (ANC, 2020).*

## Sampung Taon na ang Nakalilipas...Isang Naratibong Pagsusuri sa Danas at Alaala ng mga Marikeño sa Panahon ng Kalamidad Dulot ng Bagyong Ondoy (2009)

Mula sa siniping pahayag, posibleng naging panibagong kahulugan ng tákot at phobia ang “bangungot”—matapos maranasan ang bahang idinulot ng Ulysses na tinawag bílang “Ikalawang Ondoy” (Cabalza et al., 2020). May manipestasyon ang “bangungot” sa isang nakakatakot na panaginip na hinihiling na sana’y hindi totoong nangyari—i.e., ang bangungot ng mga pagbahang paulit-ulit na nangyayari sa mga Marikeño.

### 7. Binuong Kasanáyan ng Ondoy

Bagama’t marami na ring pag-aaral sa konseptong *resiliency* (Bautista, 1991; Francisco & Francisco, 1991; Botor et al., 2018; Tugano, 2022a) ukol sa mga kalamidad at/o disaster, kadalasang nakaugnay ito sa pag-unlad. Iba ito sa “sanáy” at “kasanáyan” na may konotasyon bílang paulit-ulit na ginagawa at isinasabuhay ang isang bagay. Nakapagsarbey sina Botor et al. (2018) ng mga naunang kahulugan ng resilience bílang kakayahang batahin ang krisis upang bumangon; pag-aangkop sa gitna ng mga hámon at *trauma*; at bílang katangian, hantungan, at kakayahan. Sa huli, nakapagpunla sila ng karagdagang kahulugan para rito—“bílang pag-usad mula sa krisis patungo sa *stability* sa tulong ng mga materyal at di-materyal na salik (Botor et al., 2018).

Samakatwid, may ibang bagay na lilitaw sa pag-aaral na ito. Sa halip na resiliency ang gamitin sa kinahinatnang ito, lumabas sa mga tema ang “kasanáyan” o pagiging “sanáy.” Ayon sa batayang depinisyon nito, ang *sanáy* ay “paggawa nang paulit-ulit sa isang bagay na pinag-aaralan (Almario, 2010, p. 779).” Kung lilimiin, maaaring maging sanáy ang isang tao—gusto man o hindi ang ginagawa at nangyayari.

Ang “kagustuhang manatili pa rin sa Marikina” ay hindi isang larawan ng kasanáyan. Gayumpaman, ang panukalang “kasanáyan” ay nakabatay pa rin sa sitwasyon at pagkakataon. Hindi naiwasang pumasok sa mga naging usapan—“kung bibigyan kami [kasama ang may-akda] ng pagkakataong umalis sa Marikina, ano kaya ang aming magiging pasiya.” Para kay Manang Nene na 15 taon nang naninirahan sa Tumana at nakaranas ng apat na malalaking baha:

*... hindi dito na lang, dito na lang talaga... nakakasawa din kaso lang dito talaga.*

Gayundin si Manang Tessa ng Nangka na nakaranas ng hindi mabilang na baha:

*... okay na, nasanay na*

Samantala, si Manang Helen na 30 taon nang nakatira sa Malanday at nakaranas ng limang malaking pagbaha, ay nagsabing sanáy na sa ganitong mga kaganapan. Ayon sa kaniya:

*Kasi'yun nga katwiran ng karamihan, kapag nagbabaha lang naman... sanay na ba, sanay na... kumbaga nasanay na dahil nga may mataas na rin na bahay, may nalalapitan kaya ganun. Kapag nagbaha lang naman, saka pag-ano lang naman after 10 years lang naman.*

Kung itatalâ ang ilang kadahilanan ng mga kalahok—kung bakit nila pinipiling manatili—umiikot ito sa ekonomikong dahilan. Halimbawa, si Manang Nene ay mayroong asawang nagtatrabaho sa Jeddah, Saudi Arabia—ito ay para makaipon ng pagpapagawa ng “mataas na bahay” o kung di man, kung may pagkakataong makaalis at makabili ng mas mataas na lupa kompara sa Marikina. Gayundin si Manang Tessa, kasama ng kaniyang asawa, ay naghihintay ng isang pagkakataon upang makaalis sa bahaing lugar ng Marikina. Samantalang, litaw naman para kay Manang Helen ang patuloy na pagpapatayo ng “mas matataas” na bahay upang ipamalas ang kasanáyan sa pagbaha at mga banta ng pagbaha.

Mahirap tanggapin na “kinasasanayan” lámang ang isang pagbaha sa pagsasambit ng “may mataas na rin na bahay” at “after 10 years lang naman.” Sa kagyat na paglalagay sa sarili at pamilya ng may-akda sa ganitong sitwasyon, naalala niyang madalas nilang pinagtatalunan ang paglipat at pag-alis sa Marikina dulot ng Ondoy at nasundan pa ng Ulysses. Hindi nakapagtataakang mauulit nang mauulit ang ganitong sitwasyon sa hinaharap. Katulad ni Manang Helen, ganito rin ang madalas niyang naririnig mula sa mga magulang. May karagdagan pa nga —“malalim at binubungkal naman na ng pamahalaan ang ilog, kaya hindi na babaha niyan.” Napagnilayan ng may-akda ang ganitong disposisyon. Wala silang kakayahang bumili ng bahay na maaaring lipatan. Ilan sa kadahilanan dito ay ang suweldo sa Pilipinas na malayong makabili ng isang sariling bahay—isang ideal na bahay na malayo sa mga bahaing lugar. Kahit gaano man kaigtting ang kagustuhang umalis sa Marikina, dahil sa mga nasabing dahilan, nagiging malabo ang pag-alis. Kaya’t ang ganitong karanasan ay napagkakamalan bílang resiliency gayong isa itong “kasanáyan” sa isang bagay na kahit hindi man gustuhing gawin ay magagawa dahil sa limitadong kakayahan.

Ang ganitong naratibo ay halos kawangis din ng kay Manong Cesar na mula’t sapul ay nasa Marikina na at nakaranas ng napakaraming baha:

*... pag maraming pera aalis ako Balubad puwede naman sa Marikina Heights, kaya lang siyempre doon sa mataas na high ground sa Marikina Heights... siyempre pag wala kang pera baba-baba muna pag marami ka ng pera akyat-akyat.*

May nabanggit sina Alvarez at Cardenas (2019) hinggil sa konseptong *resiliency revanchism* o kagustuhang manatili sa kanilang kinaroroonan sa kabila ng mga kalamidad at/o disaster bílang bahagi ng kanilang pag-angkop. Gayundin si Or (2010) na may pagbanggit pa ngang: *ang aming kuwento ay isang naisusulat na talâ upang ipaalala sa lahat ang nangyari noong Ondoy... ang mga Marikeño ay naroon sa pagbaha at narito pa rin hanggang sa ngayon.* Ngunit katulad ng nabanggit, batay sa temang lumabas sa pag-aaral, ang kasanáyan sa bahaging ito ay dulot ng mga puwersang nakatuon sa isang subhetibo at kontekstuwal na idea—batay sa kung sino ang nakakaranas at nakadarama ng isang partikular na sitwasyon. Sa kasong ito, ang mga Marikeñong sinasanay at patuloy na sinasanay ang mga sarili sa mga baha—habang hindi pa dumarating ang isang oportunidad na makaalis o makapagpagawa ng mas angkop na bahay sa Marikina.

## KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Inambagan ng komemoratibong pag-aaral na ito ang muling pagtuklas sa mga danas at karanasan ng mga Marikeño sa pinagdaanang kalamidad at/o disaster dulot ng Ondoy. Mula sa konstruktibo at naratibong pagsusuri, nakapagluwal ito ng iba pang mga pagtingin at/o kahulugan hinggil sa Ondoy, hindi lámang para gawing inspirasyon ang mga kamukhang pag-aaral (Adviento & De Guzman, 2010; Café, 2010), kundi upang dagdagan ang mga hindi pa natutuklasang bagong pakahulugan ukol dito. Kaya nga’t dalawang panahon ang napag-ugnay sa pag-aaral na ito—ang aktuwalidad noong 2009 at kinasapitan ng Ondoy noong 2019. May mapait na karanasan at alaala ang mga Marikeño sa Ondoy—ang kailangang maitampok at maisiwalat sa pag-aaral na ito—na hindi lámang nakakahon sa mga positibong katangian katulad ng inilahad nina Adviento at De Guzman (2010). Sa pagtatása ng may-akda, ang ganitong pagkukulong sa “positibong katangian” ng mga kalamidad at/o disaster, bagaman mahalaga rin, ay mapanganib din sa kabilang banda sapagkat magdadala ito sa implikasyong tila “katanggap-tanggap” ang mga sakunang dumarating sa taumbayan—habang patuloy na pinangangatwiranan ng pamahalaan na “*resilient ang mga Pilipino.*” Probokatibo, kung gayon, ang ganitong esensyalistang pananaw ng pamahalaan sa kalamidad at/o disaster gayong subhetibo at

## **Sampung Taon na ang Nakalilipas...Isang Naratibong Pagsusuri sa Danas at Alaala ng mga Marikeño sa Panahon ng Kalamidad Dulot ng Bagyong Ondoy (2009)**

kontekstuwal ang bagay na ito. Bílang isang institusyon, inaasahan ng lipunan na gumanap ang pamahalaan ayon sa katungkulan nito lalo sa panahon ng mga kalamidad at/o disaster.

May dalawang bagay na nakita batay sa mga resulta, kung paano nilalaro ng pamahalaan ang kalamidad at/o disaster na kagya't mapupunta sa remodipikasyon ng “pag-alpas.” Una, may pagmamalabis. Nasa kanila ang kapangyarihang kontrolin kung anong ilalabas at hindi ilalabas na mga balita at pahayag kaugnay ng mga kalamidad at/o disaster. Mga bagay na malayo sa nangyari at realidad. Pangalawa, ang pamahalaan ay nagkakaroon ng mga *blame game*. Ibig sabihin, naghahanap sila ng paraan upang mapagtakpan ang kanilang pagkukulang. Halimbawa, sa halip na tingnan ang kalamidad at/o disaster sa realistikong paraan, nariyang binabanggit na “gawa lámang ng Diyos” ang mga kalamidad at/o disaster o di kaya’y wala silang kinalaman dito (Schneider, 1992; Nair, 1997). Ang ganitong obserbasyon ay nabanggit din ni Praksis Miranda (2012) hinggil sa pagtatálong naganap kung sino ang may pananagutan at dapat sisihin sa pag-apaw ng lawa sa Laguna noong panahon ng Ondoy gayong maaari naman pala itong maiwasan kung naipatupad lámang ang mga batas.

Sumayapak din ang pag-aaral na ito sa batbat na pagpapahalaga sa karanasan ng taumbayan. Dahil ang Ondoy ay isang uri ng kalamidad at/o disaster, nakatulong ang pag-aaral na ito na magsiwalat ng isang pag-asa at babala—dalawang konseptong nakarugtong palagi sa bawat sakuna. Tama ang teologong si Jose de Mesa (2017) na mainam ang katangian. sa nakaraan, sa kasalukuyan, at sa hinaharap (De Mesa, 2017). Ang danas ng sarili ay maaaring gawing sandata sa pagpapalawig at pagtutuwid ng mga plano sa hinaharap.

Sa kaso ng mga karanasang Marikeño, magsilbing aral at babala nawa—sa kapwa taumbayan at pamahalaan—ang mga sakunang darating sa hinaharap. Kung tiningnan ng mga naunang henerasyon ang Ondoy bílang isang “delubyo” at “kaparusahan,” magsilbi itong aral at babala upang higit na paglaanan ng pansin ang “kaligtasan” at “pagtulong.” Sa ganitong paraan, hindi lámang aasa ang taumbayan sa bawat “palatandaan” habang pinaghahandaan o di kaya’y hinihintay ang kasasapitang kapalaran. Higit pa, hindi lámang tayo palaging nakapako sa alaala ng “takot” at “kasanayan.” Hindi lámang ito paghihintay sa pagdating ng “Ikalawang Ondoy,” “Pangatlong Ondoy,” ika-apat, ikalima, o higit pa. Kailangan nito ng isang pag-alpas sa anyo ng sistematiko at makatarungang paghahanda sa ikauunlad ng buong bayan. Sa ganitong paraan makakamit natin ang tunay na pag-asa, pagbangon, at kaginhawahan. Naging maganda o hindi, makabuluhan, natatangi o hindi man ang mga nasabing karanasan ng isang tao, hindi maitatangging nagkakaroon ito ng talab sa kaniyang sarili. Ganito ang danas ng mga Marikeño sa Ondoy at pagkatapos ng Ondoy. Binigyan tayo ng babala ng pag-aaral na ito hinggil sa kung ano ang dapat matutuhan sa mga nagdaang karanasan. At pag-asa na paunlarin ang pagkukulang at hindi magandang nangyari sa kasaysayan ng lipunan.

Gayumpaman, hindi perpekto ang pananaliksik na ito. Posibleng may pagkukulang o di kaya’y pagkakamali. Una, wala lámang ang naging kalahok. Kung madaragdagan pa sana ito, posibleng makadukal ng iba pang kahulugan at kabuluhan ng Ondoy. May implikasyon itong di pa tuluyang nasasakop ang kabuoang naratibo ng mga sinalanta ng pagbahang ito. Sa halip, isa lámang itong pagtatangka na tuklasin ang sumasangang-daan sa kahulugan at kabuluhan ng Ondoy. Pangalawa, posibleng may nagbago at/ magbabago pa sa kinasapitan ng pag-aaral na ito sapagkat katulad ng nabanggit, muli na namang naranasan ng mga Marikeño ang malaking baha na idinulot ng Ulysses noong 2020. Malaki ang implikasyon ng pagbabagong ito sa kasalukuyang panahon. Gayumpaman, hindi pa rin mawawalan ng saysay ang mga kinasapitan ng pag-aaral na ito noong 2019—dahil lámang sa panibagong bahang tumapat sa Ondoy noong 2020—ngunit, isa rin itong paghámon upang isapanahon at patunayan ang nakalap na naratibo ng mga Marikeño—nananatili pa rin kaya ang kanilang kuwento? O binago na rin ng sumunod na pagbaha?



Kaya't iminumungkahi ng may-akdang dugtungan pa ang mga *research gap* at mga kaugnay na bagay na kailangan pang pagyamanin, paunlarin, at palawakin—(1) liban sa “delubyo,” tukuyin ang iba pang sukdulan at panandang-bato na paglalarawan ng taumbayan sa mga pagbahang idinulot tulad ng Ondoy; (2) mula roon, makapagtatala tayo ng iba't ibang tugon na hihigit at lalagpas sa pagiging “kaparusahan;” at (3) ilahad ang iba pang naratibo kung paano tiningnan ng taumbayan ang “kaligtasan.” Lumabas sa pag-aaral na hindi gaanong lumitaw ang (4) “pagtulong” ng pamahalaan sa mga kalahok, makapaglalabas kaya ng isang pag-aaral upang pasubalian o susugan ang kinasapitan ng pag-aaral na ito? Ano kaya ang mga dahilan kaya nakatulong at/o di nakatulong ang sektor na nabanggit? Sa pagdaan ng baha pagkatapos ng Ondoy, paano at mayroon pa kayang nabuong panibagong (5) palatandaan ang mga Marikeño.

Subuking tuklasin kung paano ngayon ito nabibigyan ng kahulugan at kabuluhan. Panghuli, tingnan muli ang intensidad ng (6) “takot” at (7) “kasanáyan” ng mga Marikeño sa kasalukuyang panahon. Kung tutuosin, parehong *dead-end* ang “takot” at “kasanáyan.” Hindi nakapagdudulot ng mapayapang búhay ang isang mamamayang nakatira sa Marikina nang may “takot” sa mga darating na baha. At hindi tuwirang positibong katangian ang “kasanáyan” sapagkat lumabas sa pag-aaral, ang pagiging “sanay” ay isang sitwasyong walang ganap na pagpipilian kundi ang manatili dulot ng mga sumasagkang salik katulad ng kakayahang lumipat at/o umalis at magpatayo ng isang tinurang “ligtas” at mataas na tahanan. Sa aking palagay, masasagot ang mga hamon at katanungang ito kung sisimulan halimbawa ang isang komparatibong pag-aaral sa karanasan ng mga Marikeño sa panahon ng Ondoy noong 2009 at Ulysses noong 2020.

Isa lámang ang pag-aaral na ito sa mga panandang bato na maghahawan ng landas upang saliksikin ang Marikina bílang isang pook; bílang isang lunan ng danas; at bílang kuna ng mga karanasan.

### POST-SCRIPTUM

Ngayong 17 Oktubre 2023—habang tinutugunan ang ikatlong rebisyon ng papel na ito—wala na at umalis na ang may-akda sa Marikina. Kasalukuyan niyang isinusulat ang manuskrito sa hangganan ng Quezon City at Caloocan City—isang mataas at mapayapang lugar mula sa mga pagbaha. Labag sa loob niya ang paglisan sa lupang tinubuan at sinilangan sa loob ng 28 taon. Hindi na kinakaya ng kaniyang *mental health* ang mga oras na biglang lalakas ang ulan at magbabanta ang baha. Hindi na mabilang ang bahang naranasan niya sa Marikina—ang malala ay Ondoy (2009) at ang kinataktang Ulysses (2020) na muntik nang sumira sa kaniyang 6,000+ koleksiyon ng libro sa kasaysayan na nasa ikalawang palapag—na isang kayamanan ng sinumang historyador at mananaliksik. Sa mismong araw ng kaniyang paglilipat mula Marikina hanggang Caloocan noong 12 Setyembre 2023—kung saan nakasilid sa 15-balikbayan box ang lahat ng libro at ito ay nakababa na sa unang palapag. Naghihintay na lámang ng trak. Bumuhos ang malakas na ulan at dahil sinira ng pamahalaan ang isang maayos pang daanan—at ngayo'y nakatiwangwang, nagdulot ito ng pagbara ng mga imburnal. Bumaha sa kalsada at nangangatog siyang baka pumasok ang tubig sa loob ng bahay kapag hindi tumigil ang ulan na sinasabayan pa ng mga along ginagawa ng mga dumaraang sasakyan. Iniisip niya ang mga librong nakaligtas nga noong Ulysses ngunit babasain at sisirain lámang ng isang “bahang mula sa baradong kanal” na itiniwangwang ng pamahalaan. Pinagpasalamat niyang tumigil ang ulan at humupa ang baha. Dumating ang mga *barangay official* na rumuronda at nakangiting nagsalitag “ang taas pala ng baha”—isang pahayag na di ikinatuwa ng may-akda noong panahong iyon. Sa mga oras na iyon, pinamamadali niyang tumungo ang trak sa kanilang tahanan at hakutin na ang lahat ng mga gamit habang hindi pa bumabalik ang ulan. Lumisan siya ng bahay na may luha, hinanakit, at lungkot—sa kahuli-hulihang araw niya sa Marikina, pinatikim pa siya ng isang baha. Ito ang patunay na hindi “sanay” ang mga táong habitwal na nilulubog ng baha. Nagsasawa rin sila!

## Sampung Taon na ang Nakalilipas...Isang Naratibong Pagsusuri sa Danas at Alaala ng mga Marikeño sa Panahon ng Kalamidad Dulot ng Bagyong Ondoy (2009)

### PASASALAMAT

Nagpapasalamat ang may-akda, unang-una, kay Prof. Maria Dulce Natividad, PhD (Asian Center, University of the Philippines Diliman), aking guro sa PS 299 (Research Methods) para sa kaniyang mga gabay. Orihinal itong rekisito sa kursong PS 299 na pinalawig para sa isang pananaliksik. Nagpapasalamat din ako sa aking mga dáting mag-aaral sa Pamantasan ng Lungsod ng Marikina na kasama sa paglilibot sa apat na barangay ng Marikina. Gayundin kay John Michael A. Miralles (DepEd Marikina) sa kaniyang pagsama sa aking paglilibot-libot.

### Talahuli

<sup>1</sup>Batay kay Yacat (2013), ang prosesong ito ay dumadaan sa apat na yugto –(1) pag-aangkat (*importation*); (2) pagpupunla (*implantation*); (3) pagsasakatutubo (*indigenization*); at (4) pag-aangkin (*autochtonization*).

<sup>2</sup>Halimbawa, ang mga ninuno ni Kapitan Moy, “Ama ng Industriyang Sapatos sa Marikina,” ay lumipat mula sa Santolan, Pasig patungong Sta. Elena, Marikina dahil sinalanta sila ng malakas na bagyo at pagbaha na naging dahilan ng pagkasira ng kanilang kabahayan at negosyo (Tirad, 2007). Bahaing lugar din naman ang Sta. Elena. Katulad ng Marikina, ang Santolan sa panahon nina Kapitan Moy ay napapalibutan ng bulubundukin ng San Mateo at Ilog Bulao (ngayo’y Cainta), Ilog Nangka, at Ilog Montalban (Tirad, 2007; Tugano, 2020; Tirad-Olegario, 2023).

